American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-337-360
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Pagsusuri sa mga Awiting Filipino Tungo sa Pag-unawa sa Modernong Kultura ng Panghaharana

Andriana Jean V. Cagas[1], Elealeh Suan-Timosa, MAEd[2]
[1](Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines)
[2](Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Philippines)

**ABSTRAK:** Ang kwalitatibong pananaliksik na ito ay isang pag-aaral tungkol sa mga makabagong awiting Filipino na sumasalamin sa kultura ng modernong pamamaraan ng panliligaw sa kasalukuyan. Layunin nitong suriin ang mga linggwistikong elemento na makikita sa mga liriko ng makabagong awiting Filipino mula sa mga taong 2020-2024 gamit ang Kritikal na Diskursong Pag-aanalisa ni Fairclough (1995), gayundin ang pag-aanalisa sa iba't ibang uri ng semantikong kahulugan na tinataglay ng mga kanta gamit naman ang Semantikong Teorya ni Leech (1974). Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral gamit ang dikursong pagsusuri bilang dulong upang suriin ang limampu't isang (51) piling mga makabagong awiting Filipino na nagsilbing korpora sa pag-aaral. Ipinakita ng mga resulta na ang mga makabagong awiting Filipino ay naglalaman ng pitong (7) linggwistikong elemento na namukod sa ginawang pagsusuri: ang tugma, anapora, epipora, aliterasyon, asonansiya, metapora at slang. Dagdag pa, may pitong (7) aspekto naman ng semantikong pagpapakahulugan ang namukod sa ginawang pagsusuri: ang konseptwal na kahulugan, konotatibong kahulugan, panlipunang kahulugan, emosyonal na kahulugan, replektibong kahulugan, kolokasyonal na kahulugan, at tematikong kahulugan. Makikita rin sa pag-aaral na ito ang iba't ibang tema at mensahe na siyang tampok sa mga piling makabagong awiting Filipino mula sa mga taong 2020-2024. Ang pag-aaral na ito ay nag-aambag sa mas malalim na pag-unawa sa mga piling makabagong awiting Filipino bilang isang uri ng pagpapahayag ng damdamin gamit ang mga linggwistikong elemento at pagtatampok sa iba't ibang uri ng semantikong kahulugan na sumasalamin sa modernong kultura ng panghaharana.

***Mga Susing Salita:*** *linggwistikong elemento, semantikong pagpapakahulugan, makabagong awiting Filipino, modernong kultura ng panghaharana, diskursong pananaliksik*

## I.INTRODUKSYON

Ang harana o panghaharana ay isang tradisyonal na paraan ng panliligaw na kung saan ang mga lalaki ay nagpapakilala at nanliligaw sa babaeng kanilang hinahangaan sa pamamagitan ng pag-awit ng mga awiting nagpapahiwatig ng kanilang pagkagusto at paghanga sa dalagang nakadungaw sa bintana sa ilalim ng gabi. Bahagi na sa kultura ng mga Pilipino ang pagsasagawa ng harana bilang daan ng panliligaw o panunuyo at mayroong hangarin na maipahayag ang tunay at wagas na pag-ibig sa babaeng sinisinta. Nag-aalay ng awiting pag-ibig upang matagumpay na mahimok ang dalagang nililigawan na tumugon sa kantang inaawit na siyang magiging hudyat sa matagumpay na panghaharana. Bagaman, dala ng malawakang pag-usbong ng modernisasyon, ang kultura ng panghaharana ay tuluyang nagbago rin. Ang modernong paraan na mas nagpapadali sa pakikipag-ugnayan ng mga tao gamit ang *social media* at iba't ibang ng teknolohiya, ang siyang dahilan kung bakit naging bihira na ang panghaharana bilang paraan ng panliligaw sa kasalukuyan. Hindi na kinakailangan ang personal na presenya dahil sa pamamagitan ng mensahe, tawag at *video call*, naipapahayag na ng mga tao ang kanilang damdamin (Suyat et al., 2023; Noval, 2022).

Sa bansang Taiwan, isang pag-aaral ang isinagawa patungkol sa impluwensiya ng mga modernong awiting patuloy na sumisikat sa kasalukuyan, na nagpapahayag ng iba't ibang mga konteksto. Naging problema rito ang pag-unawa sa semantikong pagkakahulugan sa katangian ng mga lirikong nakapaloob sa mga makabagong awitin. Ang mga hamong ito ay nakabatay sa pagpapahayag ng iba't ibang mga emosyon, gaya ng pagkagulat, kasiyahan, pananabik, pagkagalit, at kalungkutan, kasama na rin ang mga awiting nagpapahayag ng konteksto ng pag-ibig at pakikipagrelasyon. Dahil sa iba't iba at halo-halong pagkakahulugan na isinasaad sa isang kanta, nagkakaroon ng kalituhan sa pangunahing tema na ipinapahayag ng nasabing kanta. Lalo na't karamihan sa mga awiting ito ang siyang ginagamit ng mga tao sa kasalukuyan upang ipahayag nila ang

kanilang nararamdaman batay sa pagkakahulugang isinasaad ng mga lirikong naglalaman ng diwa ng pag-ibig at pagsuyo (Yeh & Hung, 2022).

Sa Pilipinas partikular na sa Camarines Sur, mayroong isinagawang pag-aaral sa paaralan ng Camarines Sur Polytechnic Colleges patungkol sa problema ng kalabuan sa pagpapakahulugan ng mga temang isinasaad sa mga makabagong kanta na umiiral sa bansa sa kasalukuyan. Ang hamong ito ay kinabibilangan ng paggamit ng mga bagong kompositor ng mga awiting kinapapalooban ng paggamit ng metapora, *oxymorons*, *hyperbole* o pagmamalabis, at *irony*. Napatunayan sa nasabing pag-aaral na ang paggamit ng mga semantikong elemento na ito ay nagkakaroon ng komplikadong epekto sa kahulugan at mensaheng nais ipabatid ng mga kanta. Natuklasan din sa pag-aaral na ang paggamit at pagpili ng mga salitang ilalapat bilang liriko ng kanta ay maaaring magkaroon ng maraming pagkakahulugan batay sa personal na interpretasyon ng mga tagapakinig (Fajardo et al., 2023).

Ang mga awiting Filipino ay bahagi ng kultural na pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Ang pagbuo at pagsulat ng kanta ay hindi lamang isinasagawa upang maging kilala sa industriya ng musika, sumasalamin din ito sa personal na layunin ng mga kompositor, upang maipabatid ang kanilang hinaing at nararamdaman. Sa modernong panahon, ang paggamit ng mga makabagong kanta sa pagsuyo o panghaharana ay nagkakaroon pa rin ng makabuluhang epekto sa pagpapahayag ng pagkagusto at pag-ibig sa isang tao. Sa epektibong paggamit ng mga matatalinghagang pahayag, napupukaw ang malikhaing pagpapahayag ng mga kompositor na nagreresulta rin sa malikhaing pagpapakahulugan na nababatid ng inalayan ng kanta. Ang pagsusuri sa mga nakatagong pagpapakahulugan ng mga lirikong ginamit sa kanta sa semantikong pamamaraan ay mahalaga dahil napapalalim nito ang konteksto ng mga awitin sa iba't ibang pagpapakahulugan. Ang pag-aaral na ito ay kapakipakinabang sa linggwistikong konteksto dahil sinaliksik at kinolekta nito ang kultural at panlipunang pangyayaring nagaganap sa pag-usbong ng mga makabagong awiting pag-ibig sa Pilipinas.

Bagamat may iilan nang nagsagawa ng mga pag-aaral patungkol sa pagsusuri sa iba't ibang pagkakahulugan at ang mga linggwistikong elemento ginamit sa mga kanta, kagaya ng pag-aaral na isinagawa nina Magdayao at Aguisando (2024) na kung saan kanilang sinuri ang iba't ibang uri ng mga *Pop Music* na nangingibabaw sa industriya ng musika sa Pilipinas, pati na rin ang mga linggwistikong elemento na ginamit sa mga liriko ng kanta na isa sa mga salik na naging dahilan ng katanyagan ng mga awiting ito sa mga Pilipino. Sa pag-aaral naman na ginawa ni Aragon (2024) na kung saan sinuri niya ang emosyonal at panlipunang kahalagahan na makikitang tema sa kantang *"You'll Be Safe Here"* ng Rivermaya na nagbibigay-diin sa makataong pagpapahalaga na matatagpuan sa mga liriko ng nasabing kanta. Gayundin sa pag-aaral nina Lano et al., (2023) na kung saan kanilang inalisa ang mga karaniwang pagpapakahulugan na makikita sa mga kantang *Original Pilipino Music* (OPM) na kinahuhumalingan ng mga kabataan sa kasalukuyan. Layunin pa rin ng mananaliksik na pag-aralan ang mga lingwistikong elemento at pagbibigay-kahulugan na matatagpuan sa konteksto ng mga makabagong kanta na patuloy na umaangat sa industriya ng musika sa Pilipinas, na maaaring maging daan ng modernong panghaharana na kultura ng Pilipinas.

Layunin din ng mananaliksik na maipamahagi ang kaniyang mga natuklasan sa pag-aaral na ito, at upang mapakinabangan ng mga susunod na mananaliksik ang mga ideya patungkol sa pag-unawa sa iba't ibang pagkakahulugan na makikita sa mga awiting Filipino. Sa pamamagitan ng paglalathala nito sa mga *international journal* na magiging mabisang paraan upang maihatid ang pananaliksik na ito sa mas malawak na madla.

### 1.1 Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayong makagawa ng diskursong pagsusuri sa mga makabagong awiting Filipino tungo sa pag-unawa sa modernong kultura ng panghaharana gamit ang kritikal na pagsusuri bilang pamamaraan sa pag-aanalisa sa mga linggwistikong elemento na ginamit sa mga kanta. Layunin nito na maunawaan at makonekta ang kultural at panlipunang pangyayari sa patuloy na umaangat na industriya ng musika sa Pilipinas. Sa pamamaraang ito, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa damdaming ipanahahayag ng mga kanta, batay sa mga masining na linggwistikong elemento na ginamit. Bukod pa rito, layunin din ng pagsusuri na ito ang matukoy ang iba't ibang pagkakahulugan ng mga kanta batay sa konteksto ng mga lirikong ginamit sa mga nasabing kanta.

### 1.2 Mga Katanungan sa Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral gamit ang diskursong pagsusuri, ang dalawang pangunahing katanungan sa pag-aaral ang naging batayan upang makamit ang layunin ng ginawang pananaliksik:

1. Ano-ano ang mga linggwistikong elemento sa modernong kultural na mga awiting Filipino na ginagamit sa panghaharana?

2. Ano-ano ang mga tampok na semantikong pagpapakahulugan na matatagpuan sa mga makabagong awiting Filipino na ginagamit sa panghaharana?

## II.METODOLOHIYA

### 2.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng mananaliksik ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na magtatampok sa Diskursong Pagsusuri o (Discourse Analysis). Ang kwalitatibong pamamaraan ay nagsasagawa ng pagkolekta at pagsusuri ng mga datos na hindi numerikal tulad ng teksto, *video*, o *audio* upang maipaliwanag at maunawaan ang mga konspeto, opinyon, o mga karanasan (Bhandari, 2020). Ang kwalitatibong pagsusuri ay isang paraan ng pag-aaral na kung saan ito'y gumagamit ng mga estratehiya upang maunawaan at maipaliwanag ang mga pangyayari o problemang nagaganap sa kapaligiran, sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga dokumento, pagsasagawa ng pakikipanayam at datos, at pagmamasid sa mga kalahok. Sa pamamaraang ito, makakakuha ng mas malalim na kaalaman at pag-unawa patungkol sa isang partikular na isyu o konteksto (Creswell & Poth, 2018).

Sa kontekstong ito, ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalayong makolekta at mag-analisa ng mga konsepto, opinyon, at mga karanasan mula sa mga hindi numerikal na datos upang makalikom ng mga pananaw, mga bagong ideya at mas malalim na pag-unawa sa mga problema. Kung kaya, gagamitin ang kwalitatibong pag-aaral na ito upang maunawaan at maintindihan ang mga natatanging linggwistikong elementong ginamit sa mga liriko ng kanta at maintindihan ang iba't ibang pagpapakahulugan ng mga mensahe sa mga makabagong awitin lalong lalo na ang repleksyon ng mga makabagong awitin sa pag-unawa sa modernong kultura ng panghaharana o panliligaw. Ang mga datos ay makokolekta sa pamamagitan ng masinsinang pagtitipon sa bawat kanta nang sa ganoon ay maitala ang mga ito, maanalisa, at makapagbigay ng masusi, malinaw at tamang interpretasyon o konklusyon.

Tampok sa kwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral na ito ang paggamit ng Diskursong Pagsusuri (DA). Ang Diskursong pagsusuri ay kilala bilang isang paraan ng pananaliksik na nakatuon sa pasulat o pasalitang wika, gayundin ang kaugnayan nito sa sosyal o panlipunang konteksto. Naglalayon itong maunawaan kung paano gingamit ng mga tao ang wika sa araw-araw na pamumuhay. Ang pagsasagawa ng diskursong pagsusuri ay nangangahulugang pagsusuri sa paraan kung paano gumagana ang wika at kung paano nalilikha ang kahulugan sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Ito ay may malaking tulong sa pagsuri at pagkilala sa mensahe ng mga kanta na maitatala ng mananaliksik (Lou, 2020).

Samakatuwid, gagamitin sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong pamamaraan na nagtatampok sa diskursong pagsusuri upang makalikom ng mga paraan at estratehiya upang maipaliwanag at maunawaan ang mga mensaheng nakapaloob sa mga makabagong awiting pangharana. Ang diskursong pagsusuri ang siyang magbibigay daan upang maunawaan kung paano gumagana, ginagamit at nalilikha ang mga kahulugan sa iba't ibang konetsktong panlipunan. Sa tulong ng Diskursong pagsusuri, magagawang suriin ng mananaliksik ang linggwistikong elemento, iba't ibang pagpapakahulugan ng mga awitin, ang mensahe, damdamin, at repleksyon nito sa kultura ng panghaharana.

### 2.2 Kagamitan sa Pag-aaral

Ang mga naitalang linggwistikong elemento at iba't ibang kahulugan na nanggaling sa mga makabagong awiting Filipino, mula sa masusing pag-oobserba at pagmamasid ang siyang ginamit bilang materyales sa pagsusuring pag-aaral na ito.

Sinunod ng mananaliksik ang mga ginamit na paraan ni Susanti (2016), upang masiguro ang katiyakan ng mga nakalap na datos. Una, kinakailangan na ang mga kanta mismo ay nagmula sa mga sikat na mga makabagong kompositor at mang-aawit mula sa taong 2020-2024 at isinaayos ito sa dalawang pangunahing aspeto, ang pagsusuri sa mga linggwistikong elementong ginamit at iba't ibang pagpapakahulugan ng mga liriko batay sa konteksto nito. Pangalawa, kinakailangan na ito ay orihinal na mga kantang isinulat ng mga bagong kompositor at mang-aawit na nakapaloob sa mga taong 2020 hanggang 2024. Pangatlo, ang mga makakalap na datos ay kinakailangang naitala sa eksaktong panahon at tagal na isinasaad ng mananaliksik para sa pag-aaral na ito.

Ang mananaliksik ay gumamit din ng iilang pamamaraan sa pangongolekta at pangangalap ng mga datos. Ito ay isang pamamaraan ng pananaliksik na ginagamit upang matukoy ang mga padrino sa mga nakarekord na komunikasyon. Sa pamamagitan ng *content analysis*, na sistematikong kinokolekta ang mga datos mula sa isang set ng mga teksto na maaaring nakasulat, pasalita o biswal. Sa madaling salita, ang *content analysis* ay isang sistematikong pagbabasa ng isang hanay ng mga teksto, imahe, at simbolikong bagay, na hindi na kinakailangan na magmula pa sa pananaw ng may-akda o gumagamit (Lou, 2019; Krippendorff, 2004).

Ang mananaliksik ay bumuo ng mga pamantayan upang maging angkop ang mga korporang ginamit bilang tugon sa *content analysis technique* na ginamit sa pag-aaral. Ito ay ang mga a) Pagsusuri sa mga salita, parirala, mga metapora, at iba pang mga linggwistikong elemento na ginagamit sa mga kanta upang maunawaan ang taglay nitong kahalagahan sa konteksto ng awiting Filipino sa Pilipinas; b) Ito rin ay nangangailangan ng malalim na pagsusuri ng nilalaman, bilang isang pamantayan sa pananaliksik ng mga sikat na awitin sa kasalukuyan. Ang pamantayang ito ay kinapapalooban ng malalim na pagsusuri ng nilalaman ng mga liriko, tema, mensahe, at pagpapakahulugan na ipinapahayag sa mga makabagong kanta sa kasalukuyan.

Samakatuwid, ang paggamit ng *content analysis technique* bilang pamamaraan sa pagpili ng korpora o materyal na gagamitin ay angkop na paraan sa gagawing pag-aaral, partikular na dahil may pokus ang pag-aaral na siyang layunin ng pananaliksik. Naglalayon ang mananaliksik na masuri ang pangunahing mensahe at mga kahulugan sa mga makabagong awiting nagpapayahag ng pag-ibig sa kasalukuyan at maging ang epekto at repleksyon nito sa muling pagsasabuhay sa kultura ng panghaharana sa bansang Pilipinas. Ang mga inilahad na pamantayan ang siyang magiging gabay sa pagsasagawa ng kaparaanang ito.

Ang isang korporasyon ay itinuturing na sapat na krayterta sa pagtugon sa mga pamantayan sa pagsasama sa kwalitatibong pananaliksik. Inihayag na ang bilang ng 10-100 na materyal sa pananaliksik ay sapat na sa pagsusuri ng diskurso, at ang bilang na 50+1 ang pinaka-angkop na bilang na may kinalaman sa isang yunit ng pagsusuri. Bagama't maaaring magbigay ng hindi eksakto o malabong larawan ang bilang na 50-100, nagpapahiwatig ng pangangailangan ng sapat na datos ang rasyonalisasyon upang maipakita ang iba't ibang antas ng anyo ng mga salita (Clark at Braun, 2013).

Bukod dito, gumamit din ang mananaliksik ng *code* na kumbinasyon ng sample+ number upang maging simbolo ng kalahok at ang bilang nito. Ang code na ginamit sa korpora ay AFP_1, AFP_2, AFP_3,… tuloy-tuloy hanggang umabot ng AFP_51 na kumbinasyon ng sample+number na siyang simbolo ng bilang ng korpora. Sa pamamagitan ng paggamit ng *code*, mas madaling naayos ng mananaliksik ang mga datos ayon sa katiyakan nito, at upang masagutan ang mga katanungan ng pananaliksik. Ang mananaliksik ay nagtalaga ng *code* sa bawat makabagong awiting Filipino upang madaling maisaayos ang mga linggwistikong elemento at iba't ibang kahulugan nito sa gagawing talahanayan ng mananaliksik.

**2.3 Pamamaraan sa Pagkalap ng Datos**

Ayon kay Creswell (2013), ang kwalitatibong pananaliksik ay nangangailangan ng sistematikong pagkuha at paglikom ng mga datos upang masiguro ang kabisaan, katumpakan, at tagumpay ng pananaliksik. Kaya, sinunod ng mananaliksik ang iminungkahi ni Creswell at sinugaradong naisakatuparan nang maayos ang proseso ng datos. Isinagawa ito gamit ang mga hakbang na inaasahan upang makalikom at makakuha ng datos bago isinagawa ang pagsusuri at nagbigay ng interpretasyon ng mga resulta ng pag-aaral.

Ang unang hakbang na ginawa ng mananaliksik ay ang pag-oorganisa at paghahanay sa mga gagawing proseso sa pangongolekta at pagtatala ng mga datos.

Ang susunod na hakbang naman na ginawa ng mananaliksik ay ang pagtitipon sa lahat ng mga kantang kabilang sa gagawing pagsusuri na siyang gagamitan ng Diskursong Pagsusuri (DA). Tinukoy ng mananaliksik ang mga linggwistikong elementong nakita sa mga kanta, iba't ibang pagpapakahulugan nito, mensahe at ang repleksyon nito sa kultura ng panghaharana sa kasalukuyan. Pagkatapos na masuri ang mga datos, binigyan ito ng mananaliksik ng pagpapakahulugan o interpretasyon kung papaano ginamit ang bawat salita at kung ano ang kahulugan ng bawat isa at sa pangkalahatan.

Ang huling hakbang na ginawa ng mananaliksik ay ang pagbabalik at muling pagsusuri sa mga datos at lahat ng interpretasyon ng mga sagot sa mga tanong ng pag-aaral. Naglalayon itong makabuo ng konklusyon at rekomendasyon para sa susunod na isasagawang pananaliksik at upang matukoy kung mayroong mga pagkakamali sa pagsusuri na kinakailangang mabago kaagad. Ang magiging resulta ng pananaliksik na ito ay susuriin at i-evaluate ng isang *Research Analyst* upang matiyak na walang *bias* sa mga tugon ng pag-aaral at upang ma-validate ang tamang pananaw at konklusyon ng mananaliksik.

**2.4 Pag-aanalisa ng Datos**

Ang lahat ng datos sa pananaliksik na ito ay nakalap at nakolekta sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa sa mga linggwistikong elemento, mga kahulugan at mensahe sa mga makabagong awiting Filipino.

Ang pagsusuri ng kwalitatibong datos (Qualitative Data Analysis o QDA) ay ang proseso ng pag-aayos, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga kwalitatibong datos na hindi numerikal, konseptwal na

impormasyon, at puna ng mga gumagamit upang hulihin ang mga tema at padrino, sagutin ang mga tanong ng pananaliksik, at upang matukoy ang mga hakbang na kinakailangang gawin sa pagpapabuti ng produkto o *website*. Upang ganap na maisagawa ang pagpili, pagtukoy at pagsusuri ng mga datos sa napiling korpora ng pag-aaral na ito. Ang unang hakbang ay ang pagtukoy sa yunit ng pag-aanalisa na kung saan ang mga salita o pahayag na nakalap mula sa mga piling kanta ang datos na susuriin sa pag-aaral na ito. Upang masagot ang unang katanungan ng pag-aaral na ano-ano ang mga linggwistikong elemento sa modernong kultural na mga awiting Filipino na ginagamit sa panghaharana ay ginamit ng mananaliksik ang teoryang *Critical Discourse Analysis* ni Fairclough (1995) para sa pagsusuri ng mga linggwistikong elemento makikita sa mga makabagong kanta at upang mabigyan ng kahulugan ang mga salitang ito.

Para naman masagot ang ikalawang katanungan na ano-ano ang mga tampok na semantikong pagpapakahulugan sa mga makabagong awiting Filipino na ginagamit sa panghaharana ay ginamit ng mananaliksik ang teoryang *Semantic Theory* ni Leech (1974) upang matukoy ang iba't ibang pagpapakahulugan na tinataglay ng mga makabagong awiting pag-ibig batay sa konteksto nito.

Ang pangatlong hakbang ay ang pagrebyu at paggawa ng konklusyon. Inilahad ng mananaliksik ang kaniyang interpretasyon at konklusyon mula sa pagsusuring isinagawa tungkol sa mga makabagong awiting pag-ibig na namamayagpag sa industriya ng musika sa Pilipinas sa kasalukuyan. Batay sa mga resulta ng datos na nakalap ng mananaliksik, sinuri niya ang mga ito gamit ang mga inilahad na katanungan ng pananaliksik bilang gabay upang maipahayag ang mga sagot gamit ang mga teoryang inilahad at sariling opinyon na batay sa malawak na konteksto ng pag-unawa at pagsusuri ng mga tema, mensahe at kahulugan ng mga kanta.

Sa pagsunod ng mga nasabing hakbang, naisakatuparan ng mananaliksik ang layuning mabigyan ng kasagutan ang mga tanong at naibahagi ang konklusyon at rekomendasyong nailahad gamit ang mga datos na sinuri.

**2.5 Pagtitiwala sa Kawastuhan ng Pag-aaral**

Sa kwalitatibong pananaliksik, ang pagkakaroon ng pagiging pagkamapagkakatiwalaang koleksyon ng datos ay isang aspeto na nagpapatibay at sumusuporta sa panghuling argumento ng isang mananaliksik hinggil sa pagiging pagkamapagkakatiwalaan ng isang pag-aaral. Ang pagiging mapagkakatiwalaan ng paghahanap sa paggamit ng iba't ibang mga pamamaraan upang mahanap ang apat na sangkap ng pagiging mapagkakatiwalaan na nagbibigay diin sa: kredibilidad, pagkumpirma, paglilipat, at pagkamapananaligan Nakatutulong ang mga sangkap na ito upang maging pamilyar sa kabuoang konsepto ng pagiging mapagkakatiwalaan, kalakip ang mga partikular na kasanayan na magagamit upang mabuo ang pananaliksik (Shenton, 2004).

Sa pagtatamo ng kredibilidad sa pananaliksik, kinakailangan na masiguro ng mananaliksik na masukat o masuri ang pangunahing layunin ng pananaliksik. Tumutukoy ito sa pagiging mapagkakatiwalaan ng mga natuklasan sa pananaliksik. Naglalaman ito ng pagtatatag ng katunayan at katotohanan ng mga datos, pagsusuri, at interpretasyon. Kinakailangang pahalagahan ang panloob na katumpakan ng mga resulta ng pag- aaral upang mailahad ng mananaliksik na ang ginawang pag-aaral ay nakabatay sa isang masusing pagsisiyasat (Shenton, 2004).

Bilang tugon sa pangangailangang kredibilidad ng pag-aaral, ito ay nangangailangan ng ilang konkretong hakbang. Ang *triangulation* ay isang hakbang na ginagamit sa iba't ibang pinamulan ng datos, paraan, o perspektiba upang patunayan ang mga natuklasan. Nakatutulong ang pamamaraang ito sa pagtatag ng konsistensiya at katatagan ng mga resulta. Bukod dito, kinakailangang masiguro ng mananaliksik na mapunan ang kinakailangang datos upang mabigyang katuturang ang layunin ng pag-aaral; at tiniyak na hindi naglagay ng walang kabuluhang datos at hindi mahahalagang impormasyon. Kinakailangan din ng mananaliksik na magpamalas ng pagiging *reflexive* upang magsagawa ng pagmumuni-muni sa kaniyang mga bias, mga pag-aakala, at mga pagpapahalaga na maaaring makaapekto sa proseso at mga natuklasan sa pag-aaral. Sa pamamagitan nito, mapapabuti ng mananaliksik ang tranparensya at kredibilidad ng kanilang trabaho.

Ang kumpirmabilidad ay ang walang pagkiling sa mga resultang matatamo sa pananaliksik. Ito ay nakatuon sa antas ng pagkakabatay ng mga natuklasan sa mga datos kaysa sa impluwensiya ng mga personal na bias o pag-unawa ng mananaliksik. Binibigyang diin nito ang pagsaalang-alang sa pagsiguro na ang mga pananaw, karanasas, kaisipan ay hindi mababahiran ng pagkiling mula sa mananaliksik, bagkus ay nangangailangang purong kinalap sa lehitimong pinagkukunan ng datos (Shenton, 2004).

Upang matugunan ang pangangailangang pagpapatunay sa kalidad ng pag- aaral, kinakailangang masiguro ng mananaliksik na pawang obhetibong pagsusuri at hindi nilapatan ng personal na opinyon o pananaw ang ginawang pagsusuri sa mga kanta. Isa ring pamamaraan upang mapabuti ang kumpirmabilidad ng

mga natuklasan sa pananaliksik ay ang pagdokumento ng mga mananaliksik sa kanilang mga bias, mga pag-aakala, at mga proseso ng paggawa ng desisyon. Sa pamamaraang ito, nabibigyan-daan ang mga mambabasa na maunawaan ang mga pananaw ng mananaliksik at ang posibleng impluwensiya nito sa ginawang pag-aaral.

Ang transperabilidad ng pananaliksik ay tumutumpok sa pangkalahatang kabuluhan at kapakinabangan ng isang pag-aaral na mailapat sa iba pang pananaliksik bilang batayang datos o kaugnay na pag-aaral. Ito ay nagbibigay ng malalim at detalyadong paglalarawan sa konteksto ng pag-aaral, mga kalahok, at mga paraan upang mapahusay ang kakayahang suriin ng mga mambabasa ang kahalagahan ng mga natuklasan sa pananaliksik (Shenton, 2004).

Upang masiguro ang transperabilidad ng ginawang pag-aaral, isinaalang-alang ng mananaliksik ang katiyakan ng pagsusuri ng mga akda batay sa mga teorya at metodolohiya ng pag-aaral dahilan upang magbunga ito ng makabuluhang resulta at datos na makatutulong sa iba pang mananaliksik na may kaugnay na pag-aaral sa pananaliksik na ito. Kinakailangan din ang maingat na pagpili ng mga kinakailangang datos ang mananaliksik upang mapanatili ang malinaw at maayos na resulta nito.

Ang pagkamapanaligan ng isang pananaliksik ay ang tumutugon sa kakayahan nitong maging maaasahan bilang pagkukunan ng datos kung saan masusukat ito kung ang pananaliksik ay nauulit at nagtatamo ng maaaring parehong resulta mula sa parehong konteksto, sa parehong paraan, at sa parehong kalahok. Tumutukoy rin ito sa katatagan at konsistensiya ng mga natuklasan sa pag-aaral sa paglipas ng panahon. Kung kaya, dapat na magtatag ang mananaliksik ng mga malinaw na *protocol* at pamamaraan upang mapabuti ang pagkamaasahan ng pananaliksik (Shenton, 2004).

Upang masiguro ang pagkamapanaligan ng ginawang pag-aaral, ang mananaliksik ay tiniyak na ang proseso sa pag-aaral, mga datos na nakalap, at ang konteksto ng pag-aaral ay naisaayos at wasto ang pagkakabalangkas; detalyado at wasto ang pamamaraan; nang sa ganoon ay maging kapaki-pakinabang ito sa mga kapwa mananaliksik. Binibigyang diin ng mananaliksik na hindi nangangailangan ang pag-aaral na ito ng parehong resulta, bagkus ay isinasaalang-alang ang obhetibo, wasto, at makabuluhang pagsusuri sa mga akda. Sa pamamagitan nito, matitiyak ng mananaliksik na ang interpretasyon at konklusyon ng pag-aaral ay maaasahan at may matibay na batayan.

## III. RESULTA

Inilahad sa kabanatang ito ang mga resulta ng pag-aaral hinggil sa diskursong pagsusuri sa mga linggwistikong elemento na makikita sa mga parirala/sugnay sa mga makabagong awiting Filipino na ginagamit bilang modernong panghaharana. Ang 51 na kantang nakalap mula sa masusing obserbasyon ay sinuri batay sa teorya ni Fairclough (1995) upang masuri ang linggwistikong elemento na ginamit sa mga liriko ng kanta. Ang paggawa at pangangalap ng mga datos na gagamitin bilang korpora ay nakasentro at nakabatay sa mga katanungan sa pananaliksik.

1. Ano-ano ang mga linggwistikong elemento sa modernong kultural na mga awiting Filipino na ginagamit sa panghaharana?
2. Ano-ano ang mga tampok na semantikong pagpapakahulugan na matatagpuan sa mga makabagong awiting Filipino na ginagamit sa panghaharana?

Bawat salita o pahayag mula sa mga datos bilang korpora ay sinuri ayon sa katangian kung papaano nabubuo at nagtataglay ng kahulugan ang bawat salita batay sa bahagi at deskripsyon o ayos ng nabubuong mga salita. Ang bahagi ng mga salita ay tumutukoy sa mga kasamang parte, pantig at morpema ng isang panibagong salita. Kung gayon ang mga halimbawa ng mga linggwistikong elemento na makikita sa mga liriko ng mga kanta ay ipinakita ang kadalasang ginagamit at sinasalita sa aspekto ng pakikipagkomunikasyon o pagbibigay ng mensahe. Dagdag pa rito, ang mga nakitang linggwistikong elemento sa mga liriko ng kanta ay nakahanay batay sa mga elementong nakasaad na ipapinakita sa bawat talahanayan. Gayundin ang mga pagpapaliwanag o analisis tungkol sa mga linggwistikong elemento ay tinatalakay sa kasunod na mga talata.

**Linggwistikong Elemento na Ginagamit sa mga Makabagong Awitin**

Sa bahaging ito, nakalimbag ang talahanayan ng mga linggwistikong elemento sa mga liriko ng mga makabagong awiting pangharana, gayundin ang mga uri o paraan ng paggamit ng mga salita sa mga liriko nito. Ito ay naglalaman ng mga halimbawa ng mga linggwistikong elemento na nagpapahayag at naghahatid ng indayog, damdamin at mensahe na kadalasang ginagamit ng mga kompositor at mang-aawit upang ipahayag ang kanilang mga nararamdaman.

**Talahanayan 1**
**Linggwistikong Elemento na Ginagamit sa mga Makabagong Awitin**

| Mga Linggwistikong Elemento | Sampol | Analisis |
|---|---|---|
| **Tugma (*Rhyme*)** | Pangakong ika'y **aalagaan**<br>Ibibigay lahat pati ang **buwan**<br>At sa ilalim nitong mga **bituin**<br>Ay aaminin na ang tunay na **pagtingin (AFP_1)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng tugmang ganap. Ang mga parirala sa loob ng saknong ay nagpapahiwatig ng pagtatapat ng damdamin sa konteksto ng katagang "sa ilalim ng mga bituin" bilang isang romantikong imahe ng panghaharana at panliligaw. |
| | Nagsimula sa simple na pasulyap-sulyap, nagpapapansin **sa 'yo**<br>Umabot sa palitan ng mga mensahe, kilig na kilig **ako**<br>Kumusta? Kain na, hello, magandang **umaga**<br>Ingat ka, pahinga, huwag kang masyadong magpupuyat **pa**<br>**(AFP_2)** | Nauuri ang saknong na ito sa Tugmang Di-Ganap. Sa saknong na ito, nagpapahiwatig ito ng pagpapakita ng interes at pag-aalaga sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mabuting komunikasyon sa modernong pagpapalitan ng mensahe. |
| | Pinapawi lahat ng iyong mga **ngiti**<br>Negatibo na nakadikit sa 'king **labi**<br>Huli ng iyong ngiti ang aking **kiliti**<br>Katotohanan na hindi ko **maitatanggi**<br>Na mahal **kita**<br>Walang **iba (AFP_12)** | Nauuri ang saknong na ito sa tugmang di-ganap, may magkaparehong tunog sa hulihang bahagi ng mga linya ngunit magkakaiba ang tinataglay nitong salita. Nagpapahiwatig ito ng tahasang pag-amin sa nadaramang pag-ibig na nagdadala ng saya at katiyakan sa taong humahanga nang lubos. |
| | Sasayaw sa kulog at **ulan**, iikutin ang tala at **buwan**<br>Habang tayo ay **naliligaw**, pakinggan ang puso, 'wag nang **bibitaw**<br>'Wag nang **magtagu-taguan**, kita naman sa liwanag ng **buwan**<br>Ang lihim na **pagtingin**, kailan **aaminin**? **(AFP_24)** | Ang buong saknong ay isang halimbawa ng Inipitan o Gitnang Tugma (*Internal Rhyme*) na may pagkakatulad ng tunog sa loob ng bawat tig-iisang linya ng saknong. Ito'y nagpapahiwatig ng matinding pag-ibig na walang pag-aalala sa paligid. Naglalarawan din ito sa nakatagong pag-ibig at pagnanais sa iisang nadaramang pagkagusto. |
| | Pakinggan **mo**<br>Ang mga kantang 'sinulat **ko**<br>Lahat 'yan ay para sa **iyo**<br>Oh giliw, 'wag ka nang **malilito**<br>**(AFP_27)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng tugmang di-ganap. Nagpapahayag ito ng direktang pagpapakita ng pag-ibig sa pamamagitan ng musika o panghaharana upang alisin ang mga pag-aalinlangang nadarama. |
| | 'Di akalaing makakapiling ko ang isang katulad **mo**<br>Tila isang engkantong laging hinahanap-hanap **ko**<br>Oh giliw, tanging ikaw ang **patutunguhan**<br>Kahit pa salungat ang 343kin goras **sa 'yo**<br>'Di makapaniwalang ako na ang **dahilan**<br>Ng 'yong ngiting **misteryoso**<br>**(AFP_30)** | Nauuri sa saknong na ito sa tugmang di-ganap, na nagbibigay ng indayog sa pagkakaiba ng mga salitang ginamit sapagkat lumilitaw ang pagkakapareho ng tunog nito. Nagpapahayag ito ng hindi inaasahang pag-ibig at tunay na kaligayahan sa ipinagkaloob ng tadhana. |
| | Haharanahin kita kahit san man magpunta aking **sinta**<br>Oh kay ganda ng 'yong mga **mata**<br>Haharanahin kita sa ilalim ng mga **tala**<br>Oh sinta. Ikaw lang wala nang **iba**<br>**(AFP_43)** | Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng parehong ganap at di-ganap na tugma. Makikita sa bawat dalawang linya ang ganap na pagkakapareho ng salita at tunog, at pagkakaiba ng ginamit na mga salita ngunit may pagkakatulad pa rin ang kanilang mga tunog. Nagpapahiwatig ito ng pagpapahayag at tapat at romantikong pag-ibig sa pamamagitan ng |

| | | |
|---|---|---|
| | Haharanahin ka't araw-araw kang **susulatan** Ipagpapaalam ka't dadalhin kita sa **sayawan** 'Wag kang mag-alala, ihahatid ka bago mag-alas otso y **media** Gusto kita, tanggapin mo ang pagmamahal kong **makaluma** **(AFP_48)** | panghaharana, pangako, at paghanga sa natatanging gandang tinataglay ng dalagang napupusuan.<br><br>Ang saknong na ito ay isang halimbawa ng parehong Tugmang Ganap at Di-ganap. Ang bawat linya ay nagtataglay ng ganap na pagkakapareho ng tunog at pagkakaiba ngunit magkakapareho ang tinataglay nitong mga tunog. Nagpapahayag ito ng isang tapat, tradisyonal at puno ng pagsuyo na pagmamahal. |
| **Anapora (*Anaphora*)** | **Minsan na lang ako** magkaganito **Minsan na lang ako** muling mabuo Kaya sabihin mo na Sabihin mo na, giliw ko **(AFP_16)** | Ito ay isang halimbawa ng Anapora dahil sa pag-uulit ng mga salitang nasa unang bahagi ng linya. Nagpapahiwatig ito ng isang malalim at bihirang pagmamahal, at pagkakaroon ng pakiramdam na pag-aasam at pananabik na matugunan din ang nararamdaman. |
| | **Ikaw** ang bida sa istorya na naisip ko **Ikaw** lang kasi ang palaging iniisip ko **(AFP_29)** | Ang pag-uulit ng salitang "ikaw" sa dalawang magkasunod na linya ay nagpapakita ng isang halimbawa ng Anapora na makikita sa loob ng isang kanta. Nagpapahiwatig ito matinding paghanga at matamis na pagpapahayag ng pag-ibig. |
| | **Pakisabi na lang sa kanya na** wala nang mas hahalaga **Pakisabi na lang sa kanya na** wala nang mas sasaya pa **Pakisabi na lang sa kanya na** mahal ko siya **(AFP_33)** | Ang paggamit ng mga katagang "Pakisabi na lang sa kanya" sa tatlong magkakasunod na linya ng kanta ay nagpapahayag ng matinding pagmamahal na hindi direktang naipapahayag. Ito ay isang halimbawa ng anapora sapagkat ang pag-uulit ng mga salitang ginamit ay makikita sa unang bahagi ng linya. |
| | **Kung maging** akin ka **Kung maging** tayo na **Kung maging** akin ka **(AFP_39)** | Ang mga katangang ito ay isang halimbawa ng anapora sapagkat makikita ang pag-uulit ng mga salitang "Kung maging" sa unang bahagi ng linya ng kanta. Nagpapahiwatig ito ng pangangarap at pagnanais ng pagkakaroon ng panghahawakan, at ito ay isang relasyon. |
| | **Parang** Adan at Eba **Parang** Florante at Laura **Parang** si Jack at si Rose 'pag sa pintuan, nagkasya **Parang** si Popoy at Basha **Parang** si Shrek at si Fiona **Parang** si Mario't Prinsesa na sasagipin ka **(AFP_49)** | Ang paulit-ulit na paggamit ng salitang "Parang" sa anim na magkakasunod na linya ay isang halimbawa ng anapora. Ito ay nagpapahiwatig ng diretsang paghahambing ng mga kilalang magkapares na karakter sa pag-iibigan ng dalawang tao, at nagpapakita na sila'y tunay na itinadhana. |
| **Epistrope (*Epistrophe*)** | Mukhang delikado **na naman ako** O bakit ba kinikilig **na naman ako** **(AFP_8)** | Ang pag-uulit ng "na naman ako" ay isang halimbawa ng epistrope na nagpapahiwatig ng pagkahulog at paghanga sa iniibig. |
| | Akin **ka na lang** Dito **ka na lang (AFP_23)** | Ang epistrope sa "ka na lang" ay nagpapakita ng desperasyong mapanatili ang pag-ibig sa iniibig, na may temang pagsuko at pagnanais ng katiyakan. |
| | Nabubuo ang buong pagkatao **ko** Kapag ikaw na ang kapiling **ko** Habang-buhay, dito lang sa tabi **ko** **(AFP_27)** | Ang salitang "ko" na ginamit nang paulit-ulit sa tatlong magkakasunod na linya ay isang halimbawa ng epistrope. Nagpapahiwatig ito ng kompletong pakiramdam na kasiyahan at pagbibigay ng pangakong tapat na pagmamahal. |
| | Wala nang mas magmamahal **sa'yo** At ang puso kong ito'y para **sa'yo** **(AFP_33)** | Ang pag-uulit na paggamit ng salitang "sa'yo" sa hulihang bahagi ng dalawang magkakasunod na linya ay isang halimbawa ng paggamit ng epistrope, |

| | | |
|---|---|---|
| | | ito ay nagpapahiwatig ng tiyak at wagas na pagmamahal nang walang pag-aalinlangan. |
| **Aliterasyon (*Alliteration*)** | **Para pisngi** mo'y **pumula (AFP_6)** | Ang aliterasyon sa "para" "pisngi", at "pumula" ay nagpapakita ng pagnanais ng persona na mapakilig sa iniibig. |
| | **Mukhang mapapa-amin mo** amin **mo (AFP_10)** | Ang pag-uulit ng mga magkakaparehong tunog ng mga salita ay isang halimbawa ng paggamit ng aliterasyon sa loob ng isang linya ng kanta. Nagpapahiwatig ito ng pagsuko sa pagtatago ng nararamdaman. |
| | **Naninigas**, **nanlalamig** at **nauutal (AFP_23)** | Ang aliterasyon sa "naninigas", "nanlalamig", at "nauutal" ay nagpapakita ng matinding kaba ng persona sa harap ng iniibig. |
| | **Pero** ikaw **pa** rin ang laman ng **puso** ko **(AFP_29)** | Ang mga salitang magkakalapit ay isang halimbawa ng aliterasyon. Nagpapakita ito ng pagpapanatili ng pag-ibig na nararamdaman at nagpapahiwatig ng malalim at tunay na pagmamahal. |
| | **Ngayong** biglang **napagtanto na** ikaw **na** rin pala ay **narahuyo (AFP_30)** | Ang pariralang ito ay nagtataglay ng mga magkakasintunog sa mga salitang ginamit at nagpapahayag ng hindi inaasahang pagkakapareho ng naramdamang paghanga o pagmamahal. |
| | 'Tong liham na umaasang **mata mo** ang **makabasa (AFP_38)** | Ang magkakasunod at magkakasintunog na mga salitang ito sa isang linya ay isang halimbawa ng aliterasyon. Nagpapahiwatig ito ng pagnanais na mapansin ng taong nagugustuhan at pag-amin ng nararamdaman sa pamamagitan ng tradisyonal na pagsulat. |
| | **Nauuhaw**, **naliligaw**, **nanliligaw**, humihiyaw<br>**Nalulunod** sa kada taludtod ng pagkatao mo<br>**Nakakatulalang** tula, bawat bigkas ng labi mo<br>**Nauuhaw**, sumisigaw **(AFP_41)** | Ang mga pag-uulit ng mga tunog sa mga magkakasunod at magkakalapit na mga salita ay isang halimbawa ng paggamit ng aliterasyon. Ang buong saknong ay nagpapahayag ng matinding pagnanasa, pahanga at emosyonal na pagkabighani sa taong nagugustuhan. |
| | **Hinding hindi** na **hahanap** ng iba **(AFP_43)** | Ang pariralang ito ay isang halimbawa ng aliterasyon ng nagsasaad ng isang matibay na pangako ng katapatan at dedikasyon sa pagpapanatili ng nararamdaman sa taong minamahal. |
| | Mga **mata** mo na **mapungay (AFP_51)** | Ang aliterasyon sa "mata" at "mapungay" ay nagpapakita ng emosyonal na koneksyon ng persona sa iniibig. |
| **Asonansiya (*Assonance*)** | **Na mahawakan ang** 'yong **mga kamay**<br>**At sa awitin na** 'to **tayo'y sasabay (AFP_1)** | Ang pariralang ito ay isang halimbawa ng asonansiya sapagkat ang tinataglay nitong mga salita ay may pag-uulit ng tunog-patinig na "a". Nagpapahiwatig ito ng pagkagiliw, pananabik at pagnanais na makasama ang mahalagang tao sa buhay. |
| | **Nais** ko **sanang** ika'y **ayain**<br>**Sa panghabangbuhay na pagmamahalan**<br>**Sa bawat araw na magdaan**<br>**Pipiliin, iibigin ka sinta**<br>Kung **hahayaan** mo 'ko **na ayain ka (AFP_3)** | Ang buong saknong na ito ay isang halimbawa ng paggamit ng asonansiya na may dalawang tunog-patinig na "a" at "i" na inulit-ulit sa bawat bahagi ng mga salitang tinataglay nito. Nagpapakita ito ng intensyon sa pagpapakita at pag-aalay ng pag-ibig. Nagpapahiwatig din ito ng pagnanais na makasama ang minamahal sa pamamagitan ng panunuyo upang makuha ang hinahangad na pagsang-ayon nito. |

| | | |
|---|---|---|
| | Sa **piling** mo<br>Ako'y **'di mapakali**<br>**Binibilang** ang mga **saglit**<br>**Ninanamnam** ang bawat **sandali** **(AFP_27)** | Nagpapahiwatig ito ng malalim na pagpapahalaga sa bawat sandaling kasama ang minamahal. Ito ay isang halimbawa ng asonansiya sapagkat tinataglay nito ang pag-uulit ng tunog-patinig na "i" sa loob ng isang saknong ng kanta. |
| | **Nandito lang naman ako** (ah)<br>**Nadarama** mo **ba** itong **pag-ibig** ko **(AFP_33)** | Nagpapahayag ito ng tapat at matiyagang paghihintay sa kasagutan ng taong nagugustuhan. Isa itong halimbawa ng asonansiya sapagkat may pag-uulit ng tunog-patinig na "a" sa bawat salitang ginamit nito. |
| | **Ikaw** lang at **ikaw** ang **sinisigaw**<br>Ng puso kong **'di mapakali**<br>**Ikaw** lang at **ikaw** ang **sinisigaw**<br>Pag-**ibig** ko'y sana **mapansin** **(AFP_35)** | Nagpapahiwatig ito ng matinding pagnanais na masuklian ang damdaming nadarama. Ito ay isang halimbawa ng paggamit ng asonansiya sa paulit-ulit na paggamit ng mga salitang nagtataglay ng tunog-patinig na "i" tinataglay nito. |
| | 'Tong **alay** kong **harana, para sa dalagang**<br>**Walang kasingganda, amoy-rosas ang halimuyak**<br>Kung **nanaisin ng tadhanang mapanlinlang**<br>'Di **hahayaang mawala pa** **(AFP_38)** | Ang magkakasintunog na mga tunog-patinig na "a" sa loob ng isang saknong ay isang halimbawa ng asonansiya na nagpapahiwatig ng paghanga sa tinatangi nitong kagandahan at pagpapahayag ng damdamin sa pamamagitan ng musika at panghaharana. |
| **Metapora (*Metaphor*)** | Binibini kong **ginto** hanggang kaluluwa **(AFP_5)** | Ang mga katagang ito ay isang halimbawa ng paggamit ng metapora sa isang kanta sapagkat tuwiran nitong inihahambing ang katangian ng isang binibini o dalaga sa salitang "ginto". Sumisimbolo ito sa pagpapahalaga sa taong may busilak na kalooban, nagpapahiwatig din ito ng dalisay at tunay na pagmamahal batay sa panloob na pagkatao ng minamahal. |
| | Ikaw aking **musika (AFP_6)** | Ang "ikaw aking musika" ay isang pahayag na nagpapahiwatig ng saya, kulay, at kahulugan. Ito ay isang metapora para sa paghahalintulad ng "musika" na sumisimbolo sa kagandahan at pagiging mahalagang bahagi sa pagpapahayag ng damdamin ng may-akda. Inilalarawan ang minamahal bilang pinagmulan ng ganda at harmoniya sa buhay, katulad ng ginagawa ng musika sa isang kanta. |
| | Ikaw ang **pahinga** ko mahal **(AFP_7)** | Ang "Ikaw ang pahinga ko mahal" ay isang pahayag na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng isang tao bilang isang kanlungan, kapayapaan, at kaginhawaan sa gitna ng nararamdamang pagod a pagsubok. Ito ay isang metapora na sumisimbolo sa kapanatagan at kaligtasan dulot ng minamahal. |
| | Dahil ikaw ang **katiyakan** ko **(AFP_8)** | Ang pariralang ito ay nagpapahayag ng pagbibigay kapanatagan at kasiguraduhan na dala ng tunay na pag-ibig. Kung saan makikita na ginamit ang salitang "katiyakan" bilang simbolo ng pagiging tiyak sa buhay na puno ng kawalan ng kasiguruhan. Ito ay halimbawa ng metapora. |
| | Ikaw, ikaw ay **dilaw (AFP_8)** | Ang mga katagang ito ay isang halimbawa ng metapora sa paglalarawan sa taong minamahal. Sumisimbolo ang salitang "dilaw" bilang isang liwanag, saya, pag-asa, o pagiging natatangi. Nagpapahiwatig ito ng pagbibigay ng liwanag at inspirasyon, at nagpapahayag din ng paghanga at |

| | | |
|---|---|---|
| | | kumakatawan sa pagiging natatangi ng iniibig. |
| | Ika'y isang **bituin** na nagmula sa langit **(AFP_11)** | Ang pariralang ito ay isang paglalarawan ng minamahal sa bituin na sumisimbolo ng kalinawagan, kagandahan, at inspirasyon. Ang katagang "nagmula sa langit" ay isang representasyon sa pagiging banal at biyayang ipinadala at dumating sa buhay ng may-akda. Isa itong halimbawa ng metapora sapagkat hindi gumagamit ng mga salitang panulad at sumisimbolo rin ito sa isang katangian. |
| | Ikaw ang **bulaklak** na kumukulay sa paligid natin **(AFP_17)** | Ang mga katagang ito ay tuwirang naghahambing sa katangian ng bulaklak sa minamahal. Sumisimbolo ito sa kagandahan, saya na hatid nito, at positibong pagbabago at kasiyahang binibigay nito. Nagpapahiwatig ito ng pagbibigay ng kagandahan sa buhay, at nagpapahayag din ng paghanga at pag-ibig sa taong espesyal. |
| | Dahil ikaw ang aking_**munting tahanan**<br>At ako ang magiging **kanlungan** ng ating naging sumpaan **(AFP_28)** | Ang paglalarawan ng dalawang taong nag-iibigan bilang isang tahanan at kanlungan ay sumisimbolo sa isang lugar kung saan nararamdaman ang pagiging ligtas at komportable, at bilang isang proteksyon, pagkalinga, at pagiging sandalan. Ito ay isang halimbawa ng paggamit ng metapora na nagpapakita ng pagpapahalaga sa relasyon, panghabambuhay na pangako at pagiging sandigan ng isa't isa. |
| | Ikaw ang **payapang** hinahanap-hanap ko **(AFP_47)** | Ang ginamit na mga salitang naghahalintulad sa katangian ng tao ay isang halimbawa ng paggamit ng metapora. Ang salitang "payapa" ay sumisimbolo sa katiwasayan, kapanatagan, at kapayaan, habang ang "hinahanap-hanap" ay nagpapahiwatig ng matinding pagnanasa, pangungulila at kasabikan na makasama ang minamahal. |
| ***Slang*** | Ilang oras na akong andito<br>Umuwi na nga ang **tropa** ko<br>Sino ba naman kasing mag-aakala<br>Sa larawan ay matutulala? **(AFP_9)** | Ang salitang "tropa" ay isang impormal na salita na nangangahulugang "grupo ng kaibigan" o "barkada", na karaniwang naririnig at ginagamit sa modernong pakikipagtalastasan. Sa kontekstong ito, ang salitang balbal/slang na "tropa" ay ginamit upang ilarawan ang mga taong nang-iwan sa persona dahil sa pagkakatulala at pagkamanga sa larawang nakita. Nagpapahiwatig ito ng emosyonal na pagbubukas ng hindi inaasahang damdamin ng persona ng kanta. |

**Ikalawang katanungan sa pananaliksik:** Ano-ano ang mga tampok na semantikong pagpapakahulugan na matatagpuan sa mga makabagong awiting Filipino na ginagamit sa panghaharana?

Ang teoryang ginamit sa pagsusuri sa iba't ibang semantikong kahulugan sa mga makabagong awiting Filipino ay ang *Semantic Theory* ni Geoffrey Leech (1974). Kung saan ito ay nakatuon na suriin ang iba't ibang kahulugan na ipinapahayag sa mga makabagong awiting Filipino. Sa ganitong paraan, maaaring masuri ang mga semantikong kahulugan sa mga makabagong awiting Filipino sa mas malalim na antas, pati na rin ang kanilang ipinapahiwatig at pagsasalamin sa modernong kultura ng panghaharana.

**Talahanayan 2**
**Semantikong Pagpapakahulugan ng mga Makabagong Kanta**

| Semantikong Pagpapakahulugan | Sampol | Analisis |
|---|---|---|
| **Konseptwal na Kahulugan** *(Conceptual Meaning)* | Maaari bang<br>Manatili na lang sa **museong** ito?<br>'Di ko na namalayan<br>Biglang ayoko na lang lumisan<br>**(AFP_9)** | Ang saknong na ito na gumamit ng salitang "museo" ay may tiyak o literal na kahulugan. Isa itong gusali kung saan itinatago ang mga bagay na may kahalagahang pangkasaysayan o may artistikong kahalagahan. Ginamit ang salitang ito upang ilarawan ang kinalalagyan ng isang larawang nakabibighani ang ganda. |
| | Oh, **Paraluman**, ika'y akin nang<br>Dadalhin sa 'di mo inaasahang paraiso<br>Palagi kitang aawitan ng Kundiman<br>'Di magsasawa, 'di ka pababayaan<br>Isasayaw kita hanggang sa walang-hanggan **(AFP_11)** | Ang salitang "Paraluman" na may katumbas na salita sa Ingles na "muse" ay isang taong sagisag ng inspirasyon, kariktan at kagandahan sa sining at panitikan, itinuturing ito bilang isang modelo ng perpeksyon at madalas na hinahangaan. Ang saknong na ito ay nagpapahayag ng paghanga sa isang babaeng itinuturing nitong "paraluman". |
| **Konotatibong Kahulugan** (*Connotative Meaning*) | At sa pagdating ng huling araw huwag mag-alala<br>Naramdama'y habang buhay **nakamantsa**<br>*That the world will never take away*<br>*After life* (**AFP_5)** | Ang pahayag na "habang buhay nakamantsa" ay hindi nagpapahiwatig gamit ang literal na pagpapakahulugan nito. Ito ay nangangahulugan at nagpapahiwatig ng damdaming hindi na mabubura o mawawala. |
| | **Namumukadkad** ang aking ligaya<br>Sa tuwing ika'y papalapit na<br>Hawakan mo ang aking kamay<br>**(AFP_11)** | Ang pariralang ito ay naghahalintulad ng nararamdaman sa pamumukadkad ng isang bulaklak. Nagpapahiwatig ito ng paglago ng kasiyahan na nararamdaman dulot ng pag-ibig. |
| | Na para bang sumasang-ayon sa atin ang_**kalawakan** (kalawakan)<br>**(AFP_11)** | Ang pahayag na ito ay hindi sumusunod sa literal na pagpapakahulugan ng salitang "kalawakan" sapagkat may malalim na pagpapakahulugan ito. Ang parirala ay iniuugnay sa tadhana o *destiny* sa Ingles. Nagpapahiwatig ito ng pagsang-ayon ng tadhana sa pag-iibigan ng dalawang tao, isa itong romantikong pananaw na nagpapakita ng matinding koneksyon sa pagitan ng dalawang nagmamahalan. |
| | Dito ka sa piling ko<br>O dito ka lang<br>Dito ka lang<br>Bumabagal ang ikot ng mundo<br>Kapag ika'y nariyan<br>O aking **tahanan (AFP_12)** | Sa saknong na ito, ang paggamit ng salitang "tahanan" ay hindi sumusunod sa literal o tunay na kahulugan nito. Ginamit ang salitang ito bilang isang simbolo na iniuugnay sa tao o sa iniibig, kung saan nararamdaman ang kaginhawaan, proteksyon, at pagmamahal. Inihahalintulad nito ang iniibig sa isang tahanan kung saan malaya at may kapayapaan ang puso nito. |
| | Ibabahagi ang **nakatanim na pagtingin**<br>(Sa 'yo ko lamang balak na ibigay)<br>(Oh, pakinggan mo 'tong awit na hinihintay) **(AFP_13)** | Ang pahayag na "nakatanim na pagtingin" ay nagpapahiwatig ng hindi pansamantalang damdamin. Sumisimbolo ito sa isang matagal nang nararamdaman na unti-unting lumalalim, na inihahalintulad sa proseso ng pagtatanim ng binhing unti-unting lumalaki. |
| | Halika't **papawiin ko'ng problema mo**<br>Gamutin natin ang **sugat** na 'yong natamo<br>**Yayakapin kita ng aking mga** | Ang buong saknong na ito ang nagtataglay ng konotatibong kahulugan batay sa mga salitang ginamit sa kanta nang hindi sinusunod ang tunay o denotatibong pagpapakahulugan nito. Nagpapahayag ito ng pagnanais na mapagaan ang |

| | | |
|---|---|---|
| | **kanta (AFP_28)** | problemang kinakaharap ng minamahal. Ang pahayag na "gamutin natin ang sugat na 'yong natamo ay hindi napapahayag ng literal na sugat, bagkus ito ay ang emosyonal na sakit na nararanasan ng minamahal. Ang panghuling pahayag naman ay sumisimbolo ng paglalambing at pag-aaruga na maipapahayag sa pamamagitan ng awitin. |
| | Sa bawat sandaling ikaw ay pinagmamasdan<br>May dumadapong **kiliti** na 'di maunawaan<br>Walang imik, 'di mabanggit na sa aking isip<br>Ikaw lang ang **nagmamarka (AFP_31)** | Ang paggamit ng pahayag na "may dumadapong kiliti na 'di maunawaan" ay nagpapahiwatig ng hindi maipaliwanag na epekto ng minamahal. Sumisimbolo ito sa kilig na nadarama dulot ng labis na pagkamangha sa taong minamahal. Ang salitang ginamit na "nagmamarka" ay sumisimbolo naman sa hindi matanggal na epekto ng isang tao na hindi mababago o mabubura. |
| | **Iginapos** mo ako ng 'yong ngiti **(AFP_33)** | Ang linyang ito ay isang masining na pahayag na nagpapahiwatig ng epekto ng simpleng ngiti sa taong humahanga. Ang paggamit ng salitang "iginapos" ay isang simbolo ng malalim na pagkabihag na tila walang kalaban-laban sa dalagang hinahangaan. |
| | Tayo na sanang dalawa ang siyang **huli at ang umpisa**<br>Papatunayang ang unang pag-ibig ay 'di mawawala **(AFP_38)** | Ang pariralang ito ay nangangahulugan ng pagnanais na maitadhana ang isa't isa, nagpapakita rin ito ng pagmamahalan na tunay na itinakda at pangmatagalan. Nagpapahiwatig ito ng kagustuhan na manatili sa piling ng isa't isa simula umpisa hanggang sa dulo. |
| | Bakit uhaw sa 'yong sayaw?<br>Bakit ikaw?<br>'Di bibitaw, sa 'yong sa 'yo<br>Laging ikaw<br>Ako'y giniginaw, halika rito<br>Dito ka lang sa tabi ko<br>Mananatiling **uhaw, uhaw, uhaw (AFP_41)** | Ang konotatibong kahulugan ng salitang "uhaw" na ginamit sa kanta ay nangangahulugang pagnanais ng emosyonal at pisikal na koneksyon. Sumisimbolo ito bilang pagpapahiwatig ng pagnanasa sa pagmamahal at atensyon, nagpapakita rin ito ng pangungulila sa puntong ipinapahayag ng kanta. |
| | Pag dating saiyo di alam bat ganto<br>Oh dapat bang **lumulundag lundag aking puso**<br>Kapag ikay naka ngiti Akoy bigla nalang Hindi mapkali<br>Oh dapat bang itago ang mga **paru-parong binigay mo sakin? (AFP_45)** | Ang buong saknong na ito ay nagtataglay ng masining na pamamaraan ng pagpapahiwatig ng kasiyahan na nadarama. Sumisimbolo ng hindi mapigilang pakiramdam ng kilig. Ang salitang "paru paro" naman ay sumisimbolo sa ibinigay na ligaya dala ng pag-ibig. |
| | Sa pag-ikot ng gulong<br>Naghahanap ka ba ng taong sasabay<br>Sa **byahe ng buhay**<br>Kung ganu'n ay 'wag nang mangamba<br>Hindi ka na mag-iisa aking mahal<br>Ako na ang bahala, matulog sumandal **(AFP_50)** | Masining na ipinahiwatig ang saknong na ito sa paghahalintulad ng buhay bilang isang "byahe". Sumisimbolo ito sa mga karanasan o mga pagsubok na kinakaharap, at mga hindi inaasahang mangyayari. Nagpapakita ito ng pagbibigay ng katiyakan na sasamahan ang minamahal sa lahat ng mga pagsubok na kakaharapin sa buhay. |
| **Panlipunang Kahulugan (*Social Meaning*)** | Sa **mundong ito na magulo**<br>At **punong-puno ng drama ang mga tao**<br>At **iba-iba pa ang gusto**<br>Pero **ikaw pa rin ang laman ng puso ko (AFP_29)** | Ang buong saknong na ito ay nagpapahayag ng katapatan ng pag-ibig sa kabila ng iba't ibang pananaw ng mga tao at pagbabagong nagaganap sa lipunang kinabibilangan. Ipinapahiwatig at ipinapakita nito ang pananatili tunay na nararamdaman sa gitna ng mga nangyayari sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | paligid. |
| | Paninindigan kita oo<br>Anumang sabihin ng magulong mundo<br>**Kahit ayaw nilang ako'y sayo**<br>Ika'y iingatan ko **(AFP_40)** | Ang pahayag na ito ay tuwirang nagpapakita ng karaniwang sitwasyon na nauugnay sa mga kaganapan sa lipunan. Nagpapakita ito ng tapang at paninindigan sa pagpapanatili ng relasyon sa gitna ng pagtutol at iba't ibang opinyon ng mga tao. Nagpapahiwatig ito ng pagtatanggol at pangangalaga sa minamahal laban sa mga panlabas at panlipunang panghuhusga. |
| | Oh, tita ang 'yong dalaga'y pwede ko bang ligawan?<br>**May dalang bulaklak at tsokolate galing bayan**<br>Handa ring **magsibak ng kahoy at mag-igib ng tubig**<br>Sa pag-ibig na gusto kong makuha sa'yo **(AFP_48)** | Ang pahayag naman na ito ay sumasalamin sa tradisyonal na pamamaraan ng panliligaw na karaniwang isinasagawa upang makuha ang loob ng mga magulang at ng babaeng niliilgawan nito. Nagpapakita ito ng isang panlipunang kagawian sa pagpapahayag ng damdamin sa mas romantiko at direktang pamamaraan. |
| **Emosyonal na Kahulugan (Affective Meaning)** | **Naramdaman ng puso na dahan-dahan akong nahuhulog sa 'yo**<br>Sa kada araw natin na pag-uusap, mayro'n nang namumuo<br>Ngunit 'di ko na alam kung ano ang patutunguhan<br>Ang hiling ko lang naman na itong naramdaman **(AFP_2)** | Binigyang-diin ng saknong na ito ang halo-halong emosyon na tinataglay nito, kagaya ng nararamdamang kilig, saya, pag-aalinlangan, at pag-asa. Nagpapahayag din ito ng pagnanais na mabigyang-pansin ang nararamdaman na pagkahulog nito. |
| | Nais ko sanang ika'y ayain<br>Sa panghabangbuhay na pagmamahalan<br>Sa bawat araw na magdaan<br>**Pipiliin, iibigin ka sinta**<br>Kung hahayaan mo 'ko na ayain ka **(AFP_3)** | Ang pariralang ito ay nagpapakita ng pagnanais ng nagsasalita sa pagkakaroon ng habangbuhay na pagmamahalan, pag-aalok ng pag-ibig, at taimtim na pag-asang tanggapin ang inaalok nito. Sumasalamin ito sa maingat na pagpapahayag ng damdamin gamit ang mga salitang pinili bilang liriko ng kanta. |
| | **Sa unang tingin, agad na nahumaling**<br>Sa nagniningning mong mga mata<br>Ika'y isang bituin na nagmula sa langit<br>Hindi ko mawari ang taglay mong tinatangi<br>Sadya namang **nakakabighani**<br>**'Di maipaliwanag ang nararamdaman (AFP_11)** | Ang paggamit ng mga tayutay sa saknong na ito ang siyang nagbibigay-diin sa pagpapahayag ng damdamin sa isang masining na pamamaraan. Ang saknong na ito ay nagpapahiwatig ng matinding paghanga, kilig, at hindi maipaliwanag na atraksyong nararamdaman sa isang tao. Ginamit ang wika sa isang paraan upang ipakita ang malakas na epekto ng pag-ibig na siyang nagdudulot ng isang hindi kontroladong emosyonal na pagkilos. |
| | *Baby* ikaw lang talaga<br>Ang **nami-miss ko sa tuwi-tuwina**<br>Sa tuwi-tuwina<br>At baby ako'y mag-aabang<br>At dadalhin ka sa nakaraan<br>Sa nakaraan **(AFP_15)** | Ang pariralang ito ay nagbibigay-diin sa pagpapahayag ng pananabik na makapiling muli ang iniibig. Nagpapakita ito ng matinding pangungulila, pagmamahal, at pagnanais na maibalik ang dating pagsasama. Nagpapahiwatig ito ng pag-aasam, matiyagang paghihintay, at matamis na pag-aalala sa nakaraan. |
| | Pag-ibig mo lamang talaga<br>Ang pag-ibig mo lamang talaga, oh<br>Panghabang-buhay at puno ng kulay<br>**Pag-ibig mo lamang talaga ang aking hangad (AFP_18)** | Ang buong saknong ay nagpapahiwatig ng labis na paghahangad sa pagmamahal ng iniibig at seryoso at tapat na intensyon nito sa minamahal. Ipinapahayag din ng saknong na ito ang damdamin ng tagapagsalita ng pagnanais na pangmatagalang pag-ibig. |

| | | |
|---|---|---|
| | Oh, bakit ba **'di ako nakakapagsalita?**<br>Giliw, ano'ng ginawa mo?<br>**Natulala ako sa 'yong ganda**<br>Alam mo ba **'sang tingin sa 'yo'y nagwawala?**<br>**Nagwawala ang aking puso, sumisigaw**<br>Kaya 'di ko sasayangin 'to **(AFP_20)** | Ang paggamit ng wika sa pagpapahayag ng emosyon sa mga mambabasa ang siyang ginamit na paraan ng tagapagsulat upang iparating ang damdamin nito sa mga tagapakinig. Sa pahayag na ito, lubos ang pagpapakita ng matinding paghanga, pagkabigla, kilig, at determinasyong ipahayag ang damdamin. Ipinapahiwatig din nito ang kagustuhang pahalagahan ang pagkakataong kasama ang minamahal. |
| | Binibini<br>Alam mo ba kung pano **nahulog sayo**<br>**Naramdaman lang bigla ng puso**<br>**Aking sinta ikaw lang nagparamdam nito**<br>Kaya sabihin mo sakin **(AFP_21)** | Ang buong saknong na ito ay nagbibigay-diin sa hindi inaasahang o hindi maipaliwanag na pag-usbong ng damdamin. Ang bahaging ito ng kanta ay nagpapakita ng labis na pagkamangha, kilig na nadarama, at pananabik na malaman ang nadarama ng minamahal. Nagpapakita rin ito ng pag-asa o pagnanais na matugunan ang pag-ibig na nadarama. |
| | Ngayong tinitingnan ka<br>**Napapangiti** sayo sinta<br>**Ang puso kong ito**<br>**Ay maligaya**<br>Na tayo ang tinadhana **(AFP_26)** | Nagpapahayag ng tapat na paghanga, ligaya, at ipinapakita rin nito ang paniniwala na sila'y tunay na itinadhana para sa isa't isa. Ipinapakita rin nito ang kaligyahang dulot ng minamahal, at tahasang pagpapahiwatig ng labis na kagalakan na nadarama. |
| | 'Di maipaliwanag kung bakit<br>**nabighani** sa iyo<br>Walang rason, walang "pero, "<br>basta ito ay totoo **(AFP_30)** | Binibigyang-diin ng pahayag na ito ang damdamin na nagpapahayag ng matinding paghanga at tapat na pagpapahayag ng damdamin sa gitna ng pagkalito dulot ng hindi inaasahang atraksyon tungo sa isang tao. Nagpapahiwatig ito ng purong damdamin na hindi maipaliwanag, mamalim na pagkabighani, at pagtanggap sa nararamdaman nang walang pag-aalinlangan. |
| | Mapapansin mo kaya ang aking **pagtingin**<br>O lakambini na laman ng panalangin<br>**Sumisigaw 'di makatulog dahil sa kilig**<br>Gusto ko lang naman ikaw ay makapiling **(AFP_36)** | Ipinapakita sa saknong na ito ang pagbabakasakali ng tagapagsalita na maramdaman din ng kaniyang iinibig ang kaniyang pagsinta. Ipinapahayag din nito ang epekto ng pag-ibig o kilig at ang pagnanais na makasama ang kaniyang iniibig. |
| | Kasalanan ba na umibig sa'yo<br>**Alam kong ikaw ang sinisigaw nito**<br>Dinggin sana ang himig, upang malaman mo<br>**Na ang puso ko ay**<br>**Para sa'yo (AFP_39)** | Direktang ipinapahayag sa saknong na ito ang damdamin at ninanais ng tagapagsalita na mabatid ng kaniyang iniibig ang kaniyang tunay na nadarama. Nais nitong ipakita na ang pag-ibig ay inaalay sa kaniyang minamahal. |
| | **Kakakilig** ka sa tuwing<br>Lumalapit ka na sinta<br>Nawawala ang angas ko<br>Pilit man na itago pa **(AFP_40)** | Ipinapakita sa saknong na ito ang damdamin ng nagsasalita na ipinapahayag nito ang kilig na nadarama dala ng paghanga nito sa isang tao, nagpapahiwatig din ng epekto ng presensya ng nagugustuhan, at ang pagsisikap nito na itago ang kilig na nadarama. |
| | Oh, sinta ang 'yong mukha ang bungad sa aking umaga<br>**Sa pagdaan mo sa aking harap ay nanghina**<br>Anong salamangkang meron ka't 'di ko mapigil<br>**Ang damdamin na mahulog** | Ang saknong na ito ay nagpapahiwatig ng emosyonal na koneksyon ng pagmamahal, paglalarawan sa hindi mapigilang pagkadama na maakit, at pagpapahayag sa kusang pagkadama ng hindi mapigilang pag-ibig. |

| | | |
|---|---|---|
| | **nang kusa sa'yo**? **(AFP_48)** | |
| | Araw-gabing **nakangiti** dahil sa'yo (Dahil sa'yo)<br>Pagkagising sa umaga, **ikaw agad ang naiisip ko**<br>Sa tanghali, sa pagkain, ikaw ang gustong kaharap<br>**Pati pagtulog sa gabi hanggang sa panaginip (AFP_49)** | Nagpapahiwatig ng tunay na kaligayahan, malalim na pagmamahal, kagustuhan na makasama ang minamahal sa buhay. Ipinapakita nito ang damdamin ng nagsasalita, at pinapadama nito kung paano naging sentro ng kaniyang buhay ang kaniyang minamahal. |
| | Oh-oh-oh, **mahal kita**<br>**Handa 'kong isigaw sa mundo**<br>**Na mahal kita langga**<br>Oh-oh-oh, **ikaw lang talaga**<br>**Handa 'kong patunayan sa iyo**<br>**Na ikaw lang talaga (AFP_51)** | Ang saknong na ito ay direktang nagpapahayag ng malalim at tapat na pag-ibig, na nakikita sa liriko ng kanta na puno ng emosyon sa pagpapakita ng kaniyang pag-ibig maging sa ibang tao. Sa pamamagitan ng pagpili sa liriko ng kanta, naipapakita nito ang malambing at personal na pamamaraan ng pagpapahayag ng nadarama. Ipinapahiwatig din nito ang determinasyon ng pagpapakita ng pagmamahal sa pamamagitan ng kilos at maging sa salita. Nais din nitong ipahayag ang wagas nitong pagsinta at walang pag-aalinlangan na pagpapakita nito. |
| **Replektibong Kahulugan (*Reflective Meaning*)** | Hawak ang iyong mga kamay sinta<br>Kahit na sa **panaginip** lang kita<br>Ako'y handang **sumugal** handang sumugal<br>Makita ka lang **(AFP_15)** | Ang saknong na ito ay nagtataglay ng replektibong kahulugan sa paggamit ng mga salitang “panaginip” at “sumugal”. Sa konteksto ng kanta, ginamit ang salitang “panaginip” sa paglalarawan ng isang tao bilang isang pangarap na hindi na naaabot, taliwas sa ibang pagpapakahulugan nito na nangyayari sa pagtulog ng isang tao. Ang salitang “sumugal” naman ay nagtataglay ng dalawang kahulugan, ngunit ginamit sa konteksto ng pagsasakripisyo, na ipinapahayag ng punto ng liriko. Ipinapakita nito ang tunay na kagustuhan ng persona na makapiling ang iniibig. |
| | Ohh…sinta<br>Oh kay gandang umibig sa 'yo<br>Ako ay **hihimlay** sa 'yong tabi<br>At tatanggapin kita **(AFP_17)** | Ang pariralang “hihimlay” ay may dalawang gamit o interpretasyon batay sa taglay nitong kahulugan, ngunit ginamit ang salitang ito sa konteksto ng pagpapahinga. Hindi ito ginamit sa konteksto na may kaugnayan sa kamatayan o pagkakaroon ng malungkot na kahulugan. Nagpapahiwatig ito ng kagustuhan ng persona na maranasan ang kapayapaan at kasiguruhan na tanging sa iniibig niya lang matatamasa. |
| | Oh, bakit ba 'di ako nakakapagsalita?<br>Kakaiba 'yong ganda, 'kaw ang **himala**<br>Kaya 'di ko sasayangin 'to **(AFP_20)** | Ang saknong na ito ay nagtataglay ng replektibong kahulugan sa pagtataglay ng salitang “himala” na may dalawang posibleng pagpapakahulugan. Sa konteksto ng kanta, ginamit ang salitang ito bilang simbolo o isang paglalarawan ng isang tao bilang biyaya, taliwas sa isang kahulugan nito na may kaugnayan sa kontekstong panrelihiyon. |
| | Masilayan ang taglay ng iyong ganda<br>**Bituing nagniningning**, nagkaisa, ha **(AFP_25)** | Ang mga pagtataglay ng pariralang “bituing nagniningning” sa linyang ito ay isang halimbawa ng pagkakaroon ng replektibong kahulugan. Sa kontekstong ito, sumisimbolo ito ng isang tao na nagtataglay ng natatanging kagandahan. Malayo sa isang kahulugan nito na may kaugnayan sa literal na bituin at liwanag nito. Masining na ipinapakita nito ang nararamdaman ng persona na pagkamangha sa tinataglay na kagandahan ng kaniyang minamahal. |

| | | |
|---|---|---|
| | 'Di pinapansin **ingay** sa tabi **Magulong kapaligiran**, sa 'yo lang ang tingin **(AFP_31)** | Ang linyang ito ay may replektibong kahulugan sa mga salitang "ingay" na maaaring may ibig sabihin na literal na tunog sa paligid o mga hadlang, problema, o mga negatibong bagay, at pariralang "magulong kapaligiran" na maaaring tumutukoy sa isang magulong lugar o masalimuot na sitwasyon sa buhay ng tao. Nagpapahiwatig ito ng pagbabalewala ng persona sa paligid at nagbibigay ng tanging atensyon o pokus sa kaniyang iniibig. |
| | Ako'y sumalungat na sa **alon** Nakatuon sa 'yong **direksyon** Ang tugon sa aking **pag-ahon** Napadpad sa **kailaliman ng karagatan** Ika'y nakita at **umilaw ang aking daan** Gabay tungo sa 'yong **kanlungan (AFP_32)** | Sa saknong na ito, ginamit ang ibang pagpapakahulugan ng mga salitang "alon" na isang simbolo ng hamon sa buhay, "direksyon" na tumutukoy sa layunin o destinasyon sa buhay, at ang salitang "pag-ahon" na nangangahulugang pagtatapos sa isang pagsubok o paghihirap. Ang mga pahayag na "kailaliman ng karagatan" na maaaring patungkol sa pagkalubog, ang pahayag na "umilaw ang aking daan" na nangangahulugang pagkakaroon ng liwanag o gabay sa buhay, at salitang "kanlungan" na sumisimbolo sa isang taong nagbibigay ng kapanatagan. Ginamit ang mga salitang ito batay sa ispesipikong pagpapakahulugan nito batay sa konteksto at ipinapahiwatig ng kanta. |
| | Nakakailang ulit, **'di ka matitigan** nang dere-deretso lang Salamat sa **kalawakan**, bigla kang nilapit sa 'kin na parang **Nakatakdang mangyari** lahat ng 'to, nirekta mo 'ko sa puso ko, ang lala **(AFP_42)** | Ginamit sa saknong na ito ang ibang kahulugan ng mga salita na nagpapahayag ng pagkailang o pagkabighani dala ng tinataglay na kagandahan ng isang tao, sumisimbolo sa konsepto ng kapalaran, at pagpapahiwatig ng isang itinadhanang pangyayari. Ang mga interpretasyon na ito ay tumutukoy sa punto o mensahe ng konteksto ng kanta. |
| | At kung sakaling malumbay Sa'kin ay **ibigay ang kalungkutan (AFP_46)** | Ang linyang ito ay nagpapahayag ng pagpapagaan ng damdamin sa pagpapakita ng pagmamahal at suporta. Isa itong pamamaraan ng pagpapahiwatig ng pakikiramay o pagdamay sa nararamdaman ng isang tao. Ginamit ang kahulugan na ito sa konteksto ng kanta, taliwas sa ibang kahulugan nito na aktwal na pagbabahagi ng kalungkutang nadarama sa ibang tao. |
| **Kolokasyonal na Kahulugan (*Collocative Meaning*)** | Sakali lang **magkaaminan Pareho ang nararamdaman (AFP_3)** | Ang linyang ito ay isang halimbawa ng pagtataglay ng kolokasyonal na kahulugan batay sa mga salitang ginamit nito. Ang dalawang linya na ito ay nagpapakita ng ugnayan sa isa't isa, karaniwan itong ginagamit sa konteksto ng pag-ibig bilang pagpapahayag at pagtatapat ng damdamin. |
| | 'Di na maghahanap ng kung anong **sagot sa mga tanong** Dahil **ikaw ang katiyakan ko (AFP_8)** | Ang linya ng kantang ito ay nakabubuo ng panibagong konteksto ng kahulugan. Ang pagsasamang ito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng katiyakan at kasiguruhan sa emosyong nadarama. |
| | 'Di ko maiwasang **pagmasdan ang 'yong larawan** Kahit 'di mo mamalayan, **ikaw lang ang gustong tignan (AFP_9)** | Ang mga pahayag sa saknong na ito ay may kaugnayan sa isa't isa at nakabubuo ng konteksto patungkol sa pagpapahiwatig ng pagmamahal sa ugnayan ng mga salitang "pagmasdan" at "larawan". Ang salitang "tignan" naman ay nagpapahayag ng interes sa isang tao na ginagamit sa romantikong konteksto. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Hinahanap-hanap mo na ang paglingap ko**<br>Na **tila hindi matutumbasan ng iba**<br>'Pagkat alam mong **isang tawag mo lamang**<br>**Agad akong patungo sa 'yo** (sa 'yo) **(AFP_14)** | Ang mga salitang magkaka-ugnay na tinataglay ng saknong na ito ay nagpapahayag ng pangangailangan sa isang tao, pagpapakita ng emosyonal na halaga nito, at nagpapakita rin ng dedikasyon at pagmamahal. Binubuo nito ang kabuoang kontekstong tinataglay ng kanta. |
| | **'Wag kang mag-alala, 'di kita hahayaang mag-isa**<br>**Sasamahan nga kita sa dulo ng ligaya (AFP_22)** | Ang mga magkaka-ugnay na pahayag na ito ay bumubuo ng kahulugan na nagpapahayag ng pangako ng pagsuporta at pagdadamayan ng isa't isa nang magkasama, sa ilalim ng tiyak na kontekstong nabuo nito. |
| | **'Wag ka nang maghanap pa ng iba**<br>**O, andito ako**<br>Sa 'yong sa 'yo<br>**'Wag ka nang lumayo pa (AFP_23)** | Ginamit ang mga magkaka-ugnay na mga pahayag sa loob ng saknong na ito na nagpapakita ng konsepto ng pagtutol sa paghahanap ng iba at pagpapahalaga sa presenya ng minamahal. Ipinapabatid ng kantang ito ang mensahe ng pagpapanatili ng katapatan sa isang relasyon. |
| **Tematikong Kahulugan (*Thematic Meaning*)** | **Kaibigan**<br>Maaari ba kayang **magkaibigan (AFP_3)** | Ang linyang ito ay isang halimbawa ng tematikong kahulugan batay sa pagkakaayos ng mga pahayag na nagbibigay-diin sa pagbabago ng relasyon na nagmula sa pakakaibigan tungo sa posibleng pagmamahalan. Ang linyang ito ay isang halimbawa ng pangyayari sa pagbuo ng relasyon na nagsisimula sa pagkakaibigan hanggang sa paghahangad at pakiramdam ng mas malalim pa na pagtingin sa isang tao. |
| | Ikaw ay tila **sining** sa museong **'di naluluma (AFP_5)** | Ang pagkakaayos ng mga salitang ginamit sa loob ng linyang ito ay bumubuo ng kahulugan sa pamamagitan ng paggamit ng matatalinghagang paglalarawan na nagbibigay ng masining na pagpapahayag sa tema ng kanta. Binibigyang-diin nito ang konteksto ng pagpapahalaga sa walang kupas na ganda, sa paggamit ng konspeto ng sining na nakapaloob sa isang museo na hindi nakakasawang tignan. |
| | Giliw **'di mapigil ang bugso ng damdamin ko**<br>**Mukhang mapapa-amin mo** amin mo **(AFP_10)** | Ang estruktura ng pahayag ay nagpapahiwatig ng isang romantikong dating at nagpapakita ng malalim na damdamin ng persona. Nagpapahiwatig din ito ng pagbibigay-diin sa pag-amin ng tunay na nadarama sa gitna ng emosyong hindi kontrolado. |
| | 'Di ko nga alam kung anong meron sa iyo<br>**Isang ngiti mo lang_napapawi ang lungkot ko (AFP_23)** | Ipinapahayag ng persona ang damdaming pagkamangha, pagpapakita ng epekto ng simpleng kilos mula sa minamahal, at ipinapakita rin nito ang epekto ng ngiti sa pagpawi ng mga negatibong emosyon. Batay sa pagsasaayos ng mga pahayag na ito, nangangahulugan ito ng emosyonal na paghahatid ng mensahe. |
| | **Hindi titigil hanggang ako na ang dahilan**<br>Ng 'yong ngiting misteryoso<br><br>**'Di makapaniwalang ako na ang dahilan**<br>Ng 'yong ngiting misteryoso **(AFP_30)** | Ang unang linya ng nagsasaad ng isang layunin, at sa ikalawang linya naman ipinapakita na ang katuparan sa layuning nais maabot. Nagpapahayag ito ng determinasyon at emosyonal na reaksyon sa katuparan ng pinapangarap. Ipinapakita nito ang pagtatagumpay ng persona sa pagnanais na masuklian ang kaniyang nadarama na pagsinta. |

| | | |
|---|---|---|
| | Kung **pipiliin na ibigin Sasaya ka sa aking piling Aalagaan kung kailangan Sasayaw ka nang dahan-dahan 'Wag nang isipin ang mundo** At **tumingin ka lang sa mata ko (AFP_44)** | Ang unang linya ng saknong ay nagbibigay ng kondisyon na sinundan ng mga pangakong kaakibat nito. Binibigyang-diin ng ayos ng pangungusap ang pag-unlad ng emosyon mula sa pagbibigay ng pangako tungo sa mas personal at emosyonal na koneksyon sa pagbibigay tiwala at pagmamahal. |

## IV. DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng detalyadong talakayan, pati na rin ang mga konklusyon at implikasyon para sa mga susunod na pananaliksik na nakabatay sa mga resulta ng pagsusuri. Malinaw na ipinakita sa pag-aaral na ito ang layuning tuklasin ang mga makabagong awiting Filipino gamit ang mga linggwistikong elemento na tinataglay nito, gayundin ang iba't ibang pagpapakahulugan ng mga ito.

Sa pag-aaral na ito, ang talakayan ay hinati sa dalawang mahalagang katanungan upang masusing suriin ang mga makabagong awiting Filipino mula sa taong 2020 hanggang 2024. Ang unang katanungan ay nakatuon sa tinataglay nitong linggwistikong elemento, partikular sa pagsusuri ng mga parirala at sugnay na ginamit sa mga kantang sinuri. Sakop nito ang mga proseso tulad ng tugma, anapora, epistrope, aliterasyon, asonansiya, metapora, at paggamit ng wikang *slang*. Bukod dito, mahalaga ring tingnan ang mga ipinapahiwatig o mensaheng nilalaman ng mga kanta na nagbibigay-diin sa tema na may kaugnayan sa konsepto ng pag-ibig at panghaharana. Samantala, ang ikalawang katanungan ay naglalayong tukuyin at talakayin ang iba't ibang pagpapakahulugan na tinataglay ng mga awitin, na sumasalamin sa mga nakatagong kahulugan na tinataglay ng mga parirala at sugnay, ang kahulugan nito batay sa panlipunang konteksto, at kahulugan batay sa damdamin o emosyon na nais ipabatid ng manunulat sa mga tagapakinig.

**Linggwistikong Elemento na Ginagamit sa mga Makabagong Awitin**

Ayon sa resulta ng pananaliksik sa pagsusuri ng mga makabagong kanta na isinagawa nina Magdayao at Aguisando (2023) ayon sa tinataglay nitong mga linggwistikong elemento, natuklasan ang mga sumusunod: ang tugma, anapora, epipora, aliterasyon, asonansiya, metapora, at *slang*. Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa diskursong pagsusuri sa mga piling *Pop Music* o *Popular Music* mula sa mga album ng mga Pilipinong kompositor o manunulat ng kanta sa pagitan ng taong 2017-2023. Sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa iba't ibang linggwistikong elemento na natagpuan sa mga liriko gamit ang 60 na kanta bilang mga corpora o datos sa nasabing pag-aaral, natuklasan nito ang sopistikadong paggamit ng wika sa pagpapahayag ng emosyon, pagsasalaysay ng kwento, at pagkonekta sa mga tagapakinig na nag-aambag sa isang mayaman na paggamit ng wika sa pagsulat ng mga kanta.

Gayunpaman, sinang-ayunan din ito sa pag-aaral na isinagawa ni Tartakovsky (2021), na nagsasabi na karaniwang matatagpuan ang mga tugma sa isang sistematikong paraan na lumilitaw sa isang partikular na lugar na kadalasang nasa dulo ng linya, minsan ay nasa loob mismo ng mga linya. Ang tugma ay maaari ding maging hindi sistematiko o maaaring umusbong sa okasyonal na mga pangyayari. Bawat linyang tinataglay nito ay sinusukat sa pamamagitan ng pagbibilang ng mga elementong bumubuo rito.

Kaugnay rito, binigyang diin ni Paramita (2021) na ang anapora ay isang istilo ng wika na nauuri bilang isang pag-uulit ng mga salita sa simula ng isang pangungusap, ang anyo nito ay karaniwang inuulit sa susunod na pangungusap o linya. Karaniwang matatagpuan ang paggamit nito sa mga tula, pananalita, at mga liriko ng kanta. Ginagamit ang istilong ito upang pagandahin ang komposisyon ng mga parirala, sugnay o pangungusap upang makalikha ng isang malikhaing impresyon o isang tiyak na epekto sa mga mambabasa o mga tagapakinig. Ang prosesong ito ay naglalayong palakasin ang kahulugan ng mga ideyang ipinahahayag at nagbibigay ng kahulugan ng pagpapatunay. Bawat may-akda ay may kani-kanilang istilo ng pagsulat upang ipahayag ang kanilang mga ideya. Maraming mga kompositor ang nagsusulat ng kanilang mga akda sa pamamaraan ng pag-uulit ng mga pantig, salita, at bahagi ng pangungusap na itinuturing na mahalagang paraan upang magbigay-diin sa isang partikular na konteksto o ang karaniwang tinatawag na istilo ng wika na anapora.

Lumabas din sa pag-aaral ni Putri (2022), na ang epipora o *epistrophe* ay isang uri ng tayutay na naglalarawan sa pag-uulit ng mga salita o parirala sa huling bahagi ng magkakasunod na mga taludtod o pangungusap. Karaniwan itong ginagamit upang magbigay bigyang-diin sa isang partikular na konsepto o damdamin, na nagpapadali sa pag-unawa ng mambabasa o tagapakinig sa nilalaman na mensahe ng isang akda, tulad ng isang awitin. Sa ganitong paraan, nagiging mas malinaw ang sitwasyon o konteksto ng awitin sa pamamagitan ng paulit-ulit na paggamit ng salita o parirala.

Ayon kay Mahdi (2023), na ang aliterasyon ay isang uri tayutay na ginagamit bilang istilo na nagbibigay-diin o nagpapalakas sa damdaming ipinahihiwatig ng mga salita sa loob ng isang parirala, pangungusap, o talata. Ito ay ang pag-uulit ng mga magkakatulad na tunog ng mga katinig sa simula ng mga salita. Maaari rin itong mangyari sa pag-uulit ng mga tunog ng patinig sa magkakasunod na mga salita. Dalawang mahalagang katangian ang nagtatakda sa aliterasyon: ang pag-uulit mismo, at ang lokasyon ng pag-uulit na ito—maging ito man ay sa tunog o letra—sa loob ng iisang linya o taludtod.

Kaugnay ng nabanggit, inilahad nina Gampur et al., (2022), na ang asonansya ay isang elemento ng tayutay sa panitikan na binubuo ng pag-uulit ng mga magkakahalintulad na tunog ng mga patinig sa loob ng isang parirala, pangungusap, o talata. Ito ay nagbibigay-diin sa pagkakatulad ng tunog ng mga patinig, na lumilikha ng isang uri ng musikalidad at ritmo sa teksto. Ang paulit-ulit na tunog ng mga patinig ay nagdudulot ng isang kaaya-ayang epekto sa pandinig ng mambabasa o tagapakinig, na nagbibigay ng isang pakiramdam ng pagkakaisa at pagkakatugma sa kabuuan ng akda. Madalas itong ginagamit upang lumikha ng isang malambing, maindayog, o mapanulaang epekto, partikular na sa mga akdang patula.

Bukod pa rito, pinalawig ni Jensen (2023), na ang metapora ay isang uri ng tayutay na naghahambing ng dalawang magkaibang bagay nang direkta, na nagpapahiwatig ng pagkakatulad sa pagitan ng mga ito. Ayon naman kay Glatch (2023), na ginagamit ito upang lumikha ng mas malinaw at mas malakas na imahe sa isipan ng mambabasa o tagapakinig, na nagpapayaman sa pagpapahayag at nagbibigay ng malikhaing interpretasyon sa mga ideya. Ang epektibong paggamit ng metapora ay nakasalalay sa paglikha ng isang makabuluhang koneksyon sa pagitan ng dalawang pinaghahambing na bagay.

Samakatuwid, ayon naman kina Mendrofa et al., (2025), na ang mga *genre* ng kanta na *pop* at *country music* ay ilan sa mga *genre* na malawakang tinatanggap ng iba't ibang madla. Isa sa mga kapansin-pansing aspeto ng mga genre na ito ay ang paggamit ng *slang* o balbal, na hindi lamang nagdaragdag ng kulay sa liriko ng kanta, bagkus sumasalamin din ito sa kultura, panlipunang halaga, at pang-araw-araw na karanasan ng mga tagapakinig. Samakatuwid, sinisayat sa kanilang pag-aaral ang pangingibabaw ng iba't ibang uri ng balbal na ginamit sa mga liriko ng nasabing mga genre, at natuklasan dito na ang *Clipping* o pagpapaikling anyo ng balbal ang nangibabaw sa parehong *genre* at nagmumungkahi na ang impormal at maiksing istilo ng wika na ginagamit sa pop music ay mas nakakaakit sa mas batang madla.

**Semantikong Katangian ng mga Makabagong Awitin**

Ayon kay Kroeger (2023), ang pag-aaral ng semantika ay isang mahalagang aspeto ng pag-unawa sa wika, ito ay nakatuon sa pag-aaral ng kahulugan ng mga salita at pangungusap. Ang semantika ay inilalarawan bilang pag-aaral ng kahulugan. Sa mahusay na kahulugan, ito ay ang pag-aaral ng koneksyon sa pagitan ng kahulugan at anyo ng wika. Ang pag-aaral ng semantika ay nakatuon sa likas na kahulugan na taglay ng mga salita at pangungusap bilang mga independiyenteng pahayag ng wika. Ang isang bokabularyo (leksikon) at isang hanay ng mga panuntunan para sa pagtitipon ng mga salitang bokabularyo sa magkakaugnay na pangungusap (sintaks) ay maaaring makuha ng mga mag-aaral ng wika. Ang parehong pangangatwiran ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ng wika ay kailangang magpakadalubhasa hindi lamang ang mga kahulugan ng mga salitang bokabularyo kundi pati na rin ang isang hanay ng mga patnubay para sa pag-unawa sa mga ekspresyon na nagreresulta mula sa pagsasama-sama ng mga salitang bokabularyo. Ang layunin ng pag-aaral ng semantika ay upang maunawaan ang karaniwang hanay ng mga patnubay na ito na nagbibigay-daan sa mga tagapakinig na wastong maunawaan kung ano ang ipinapahayag ng mga nagsasalita.

Ito ay sinang-ayunan sa pag-aaral nina Afzal at Zaki (2023), na ang konspetwal na kahulugan, na tinatawag din na kognitibong kahulugan, ay ang mga kahulugan na karaniwang matatagpuan sa diksyunaryo, kaya tinatawag din itong kahulugan ng diksyunaryo. Ang konseptwal na kahulugan ay ang pinakamahalagang kahulugan dahil ito ay isang mahalagang salik sa komunikasyon ng anumang wika. Tinutukoy din ito bilang tunay na kahulugan sa pagsasalita dahil tumutukoy ito sa pangunahing ideya at konsepto. Ang kahulugang ito ay may kaugnayan sa pang-araw-araw na karanasan, mga bagay na narinig at nakikita ng sinuman, kaya masasabi na ang konseptwal na kahulugan ay payak, tunay, o aktwal na kahulugan na matatagpuan sa diksyunaryo. Ang halimbawa ng kahulugang ito ay maaaring anumang aktwal na salita tulad ng "lalaki," at maaari itong tukuyin bilang tao, nasa hustong gulang, lalaki, guwapo, atbp. Ang lahat ng mga pagtutukoy na ito ay naaayon sa salitang "lalaki" na siyang tunay nitong kahulugan.

Samantala, inihayag nina Masriyah et al., (2019), na ang konotatibong kahulugan ay itinuturing na isang katangian ng paglampas ng mga kahulugan na nakasaad sa diksyunaryo. Sa kanilang pagtatalakay, binigyang-diin nila na ang edad, lipunan, at indibidwal na karanasan ay nag-aambag sa relatibong katangian ng kahulugan na ito. Naglalaman ito ng mga katangian ng reperensiya batay sa indibidwal, panlipunan, o

kolektibong pananaw. Ipinapakita ng kahulugan na ito na kapag naririnig o ginagamit ng isang indibidwal ang kahulugan na ito, nagsisilbi itong tagapaghatid ng karanasan sa mundo na maiuugnay nila sa kanilang ekspresyon.

Karagdagan naman mula kina Syahida at Hendar (2023), kung saan isinaad nila na ang panlipunang kahulugan ay tumutukoy sa kahulugan na ipinaparating ng isang linggwistikong bahagi hinggil sa panlipunang konteksto kung saan ito ginagamit. Binigyang-diin nila na ang kahulugang ito ay nabubuo sa pakikipag-ugnayan ng wika, lipunan, at ang kahalagahan nito sa pag-unawa ng komunikasyon sa iba't ibang konteksto. Sa madaling salita, ang panlipunang kahulugan ay tumutulong sa isang indibidwal na maunawaan ang mga mensahe at ang taong naghahatid nito. Mahalaga ito sa mabuting pakikipagkomuniksayon at pakikipag-ugnayan sa lipunang kinabibilangan.

Karagdagan naman mula kina Hidayat at Simatupang (2023), ang pangwika o emosyonal kahulugan ay tumutukoy sa mga emosyon, saloobin, at damdamin na maaaring maihatid ng isang nagsasalita o manunulat sa pamamagitan ng wika. Madalas naihahatid ang kahulugan na ito sa pamamagitan ng tono ng boses, pagpili ng mga salita, at iba pang aspeto ng paggamit ng wika. Ang kahulugan na ito ay nakatuon sa damdamin o emosyon na ginigising ng wika. Halimbawa, ang salitang "tahanan" ay maaaring magkaroon ng konseptwal o literal na kahulugan na tumutukoy sa isang pisikal na tirahan, ngunit maaari rin itong magkaroon ng apektibong kahulugan na nagpapalitaw ng mga damdamin ng init, ginhawa, at seguridad. Katulad nito, ang salitang "pag-ibig" ay maaaring magkaroon ng konseptwal na kahulugan na tumutukoy sa isang matinding damdamin ng pagmamahal, ngunit maaari rin itong magkaroon ng apektibong kahulugan na nagpapalitaw ng mga positibong emosyon tulad ng kagalakan at kaligayahan.

Ayon naman kay Affifa (2022), ang replektibong kahulugan ay isang uri ng semantikong pagpapakahulugan na nagdudulot ng iba pang mga kahulugan. Lumilitaw ito sa maraming konseptwal na kahulugan kung ang isang kahulugan ng salita ay bumubuo ng ilang mga tugon sa iba pang mga kahulugan. Sa madaling salita, ang replektibong kahulugan ay sumasalamin sa iba pang mga kahulugan sa labas ng salita. Karaniwan, ang mga replektibong kahulugan ay matatagpuan sa mga salitang may mga kahulugang taboo.

Samakatuwid, ayon naman kay Sari (2023), na ang kolokasyonal na kahulugan ay tumutukoy sa relasyon ng mga salita o ekspresyon sa iba pang ginamit na mga salita. Nagbibigay-daan ang kahulugan na ito upang magamit ang mga salita at ekspresyon sa angkop at natural na konteksto. Ang kaniyang pag-aaral ay nagpapakita sa pinagmulan ng inaasahang kahulugan na madalas na lumilitaw sa mga kolokyal o iba pang kombinasyon ng mga salitang ginamit.

Dagdag naman ni Martinius (2023), na ang pangunahing salik ng kahulugan na ito ay ang maingat na pagpili ng gagamiting istruktura ng pangungusap, na naisasagawa sa pamamaraan ng pagsasaayos ng mga manunulat sa kanilang mensahe na nais mabigayang prayoridad sa atensyon at diin. Sa paggamit ng kahulugan na ito, natutukoy ang mga mensaheng natataglay ng mas mabigat na kahalagahan at hindi gaanong mahalaga batay sa pagkakasunod-sunod nito sa loob ng pahayag o pangungusap.

**4.1 Implikasyon sa Edukasyon**

Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang kontribusyon na makatutulong sa pag-unlad ng edukasyong kurikulum. Ang kahalagahan nito ay makikita sa pakikibahagi ng bawat institusyong pang-edukasyon tulad ng Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED) sa paglutas ng mga isyung pang-edukasyon at pangkultura. Isang halimbawa nito ay ang pagsasaalang-alang sa epekto ng maling pag-analisa ng mga matatalinghagang salita at mga nakatagong pagpapakahulugan sa mga salita o parirala sa loob ng mga kanta.

Ang pag-aaral na ito ay may malaking implikasyon sa edukasyon, partikular na sa larangan ng Filipino at Musika. Sa pamamagitan ng pagsusuri nito, maaaring makita ng mga guro at mambabasa ang mas malalim na kahulugan ng mga liriko at mensahe na nais iparating ng mga kompositor o manunulat ng kanta. Maaaring maging batayan ang pag-aaral na ito sa pagpapayabong ng kultura at musika sa Pilipinas upang magamit ang mga natuklasan sa pagpapalakas ng mga programang sining at musika, bilang isang instrumento o oportunidad na maipalabas ng mga mag-aaral ang kanilang talento sa paggawa o pagbuo ng mga awitin gamit ang kanilang malikhaing pag-iisip sa isang masining at makabuluhang mga awitin na maililimbag sa hinaharap.

Higit pa rito, ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan sa musikang Pilipino sa paghubog ng pambansang identidad. Ang pagtatalakay sa mga makabagong awiting nagpapahayag ng pag-ibig na sumasalamin sa kultura ng panghaharana ay nagbibigay-diin sa mensahe at konteksto ng awiting Filipino sa

kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga awit, nabibigyan ng tunay na pagpapahalaga ang kultura ng Pilipinas at naibabahagi rin ito sa modernong pamamaraan. Samakatuwid, ang ganitong uri ng pag-aaral ay hindi lamang nagdaragdag sa karunungan ng mag-aaral, kundi napapalalim nito ang pag-unawa at pagmamahal sa sariling wika at kultura sa pamamagitan ng paggamit nito bilang midyum sa pagpapahayag ng kanilang damdamin. Bukod dito, maaaring mapaunlad at mapalawak din nito ang kasanayan sa mapanuring pag-aanalisa at pag-unawa sa mga tema at iba't ibang pagpapakahulugan ng mga kanta na maaaring maging pundasyon sa pagpapanatili at pagtataguyod sa sining at kultura ng Pilipinas.

**4.2 Rekomendasyon para sa Pananaliksik sa Hinaharap**

Sa mga hinaharap na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa pagsusuri sa mga linggwistikong elemento at iba't ibang uri ng kahulugan na tinataglay ng mga makabagong awiting Filipino mula sa taong 2020 hanggang 2024. Maaaring palawakin pa ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng mas maraming makabagong kanta upang magkaroon ng mas malawak na pag-unawa sa mga tema at mensahe na ipinapahayag ng mga makabagong kompositor.

Maaari ding ikumpara ang mga kantang likha ng iba't ibang kompositor o manunulat ng kanta upang matukoy ang kanilang pagkakatulad at pagkakaiba sa estilo at paggamit ng wika sa pagpapahayag ng kontekstong pag-ibig na sumasalamin sa modernong kultura ng panghaharana. Bukod dito, mainam na pag-aralan ang epekto ng kanilang mga kanta sa mga tagapakinig upang makita kung paano nakakaimpluwensiya ang kanilang mga kanta sa paghahatid ng damdamin at emosyon sa kanilang mga tagapakinig, at kung paano nito pinapanatili ang diwa at kultura ng panghaharana sa kasalukuyan.

Inirekomenda ng mananaliksik na pag-aralan ang linggwistikong elemento at iba't ibang pagpapakahulugan ng mga makabagong awiting Filipino nang mas detalyado, dahil ang mga makabagong awiting ito ay puno ng simbolismo at malalim na kahulugan. Maaaring suriin kung paano nila ginagamit ang mga pahayag na may malalim na kahulugan upang pukawin ang damdamin ng mga tagapakinig.

Ang pananaliksik na ito ay mahalaga hindi lamang sa mga mag-aaral kundi para ito sa bawat Pilipino, dahil ito ay nag-aambag sa pagpapalawak ng kaalaman ng bawat indibidwal ukol sa mga isyung kultural na nakakaapekto sa ating lipunan. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, napapalalim ang ating kamalayan ukol sa kahalagahan ng pagpapanatili ng kultura na ating kinagisnan, na nag-uudyok sa atin na magkaroon ng kritikal na pag-iisip at masiglang diskurso. Bukod dito, ang mga makabagong awitin ay nagsisilbing midyum at instrumento sa pagpapahiwatig ng nararamdamang pag-ibig sa isang masining at romantikong pamamaraan. Sa ganitong paraan, ang kanilang mga awitin ay nagiging kasangkapan hindi lamang para sa aliw kundi para sa direktang pamamaraan ng paghahatid ng damdamin sa mga nais alayan ng mga kantang ito, pagpapanatili sa kulturang ating kinagisnan sa panahon ng modernisasyon, at ang masining na paggamit ng wika sa pagbuo ng mga awitin kinahuhumalingan ng mga tao sa kasalukuyan.

**4.3 Konklusyon**

Ang pangunahing hangarin ng pananaliksik na ito ay suriin ang iba't ibang linggwistikong elemento na matatagpuan sa mga makabagong awiting Filipino gamit ng Kritikal na Diskursong Pag-aanalisa, kasabay ang pagsusuri sa iba't ibang uri ng kahulugan na tinataglay ng mga kanta. Ayon sa mga datos na nakalap, kakikitaan ng malalim na paggamit ng wika ang mga makabagong kanta ng iba't ibang kompositor o manunulat ng kanta. Bagama't may mga kantang gumamit ng mas direktang pamamaraan ng pagpapahayag, nagawa pa rin nito na maghatid ng makabuluhang mensahe at damdamin na akma sa karanasan at nararamdaman ng bawat tagapakinig. Karamihan sa mga kanta ay nagpapakita ng wastong paggamit ng matatalinghagang pananalita na nanatili ang ideya at diwa ng orihinal na kompositor o manunulat.

Gayunpaman, marami akong napagtanto sa ganitong uri ng pag-aaral na ito, kinakailangan nito ng mahabang pasensya, matinding pagpupursige, at paninindigan upang matapos ang pananaliksik na ito nang maayos. Ang pananaliksik na ito ay hindi naging madali, lalo na't kinakailangan nito ang masusing pagsusuri at dobleng pag-aanalisa upang maiwasan ang pagkakamali. Sa puntong ito, hindi maipagkakaila na may malaking epekto at implikasyon ang pag-aaral nito sa pagpapa-unlad ng aking akademikong kapasidad, maging sa iba, at mas napalawak ng pag-aaral na ito ang aking kaalaman na magagmit ko hindi lamang sa kasalukuyan, kundi pati na rin sa hinaharap.

## TALASANGGUNIAN


[1] Suyat, C. M., Salvador-Garcia, M. A. V., & Molina, J. M. N. (2023). Arem wennu Raem (admiration or respect): A phenomenological understanding of Ilocano courtship. *Polaris Global Journal of Scholarly Research and Trends*, *2*(1), 1-10.

[2] Noval, A. T. (2022). Pagdalumat sa Piling Sugboanong Balak Tungo sa Pagbuo ng Modelong S3 L2 sa Pagtuturo ng Panulaan. *Silliman Journal*, *63*(1).

[3] Yeh, A., & Hung, T. C. (2022). The Stages of Love, Songs, and a Band: A Corpus Discourse Analysis of One Direction's Pop Albums. *Advances in Language and Literary Studies*, *13*(1), 70-81

[4] Fajardo, D. F., Basilan, M. M., Bibonia, R. M., Braga, G. M., Cabal, J. R., Ocampo, A., ... & Sentillas, R. (2023). A Stylistic Study Of Liwanag's Most Liked English Songs Of Ben & Ben. *Journal of English Education and Linguistics*, *4*(2), 74-89.

[5] Magdayao, R. & Aguisando, M. (2024). Beyond the Beats and Melodies- A Critical Discourse Analysis of Pop Music from the Philippines. *EPRA Journals*. https://eprajournals.com/IJMR/article/12221

[6] Aragon, J. M. L. (2024). A Critical Discourse Analysis of the Song" You'll Be Safe Here" By Rivermaya.

[7] Lano, E. M. C., Chua, V. K. Y., Monsalud, G. B., & Villaflor, S. I. D. (2023). " Uso pa ba ang OPM?": A Semantic Analysis of Original Pilipino Music (OPM) Songs Preferred by Filipino Youth.

[8] Bhandari, P. (2020). What is Qualitative Research? /Methods & Examples.

[9] Creswell, J.W. and Poth, C.N. (2018). Qualitative Inquiry and Research Design Choosing among Five Approaches, 4th Edition, *SAGE Publication Inc*. Thousand Oaks

[10] Lou, A. (2020) Critical Discourse Analysis / Definition, Guide & Examples.

[11] Susanti, M.P. (2016). A Critical Discourse Analysis of the Songs' Lyrics in Gypsy Heart Album by Colbie Caillat.

[12] Lou, A. (2019) Content Analysis / Guide, Methods & Examples.

[13] Krippendorff (2004). Research Methodologies Guide.

[14] Clarke, V., & Braun, V. (2013). Teaching thematic analysis: Overcoming challenges and developing strategies for effective learning. *The psychologist*, *26*(2), 120-123.

[15] Cresswell, J. (2013). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches.

[16] Fairclough, N. (2001) Language and Power. 2nd ed. London: Pearson Education Limited

[17] Leech, G. (1974). Semantics. Penguin Group.

[18] Shenton, A. K. (2004). Strategies for ensuring trustworthiness in qualitative research projects. *Education for information*, *22*(2), 63-75.

[19] Tartakovsky, Roi 2021. Surprised by Sound: Rhyme's Inner Workings. Baton Rouge: Louisiana State University Press.

[20] Paramita, D. A. (2021). An Analysis of Anaphora in Kahlil Gibran's The Prophet (Doctoral dissertation, IAIN Metro).

[21] Putri, N. K. A. A. (2022). An analysis of lexical cohesion found in "photograph" song lyrics. *Linguistics Initiative*, 2(1), 77-85.

[22] Mahdi, W. A. (2023). A Phonological Study of Alliteration in William Blakes' Selected Poems. *International Journal of Humanities and Educational Research*, 5(5).

[23] Gampur, E. R. S., Sagitarini, N. M. M. D., Indrawan, A. W. P., Dewi, P. A. M., & Pradnyandari, G. A. T. F. (2022, April). An Analysis of Figurative Language Found in the Song Lyrics of Doja Cat's Album Entitled "Planet Her". In Proceedings: *Linguistics, Literature, Culture and Arts International Seminar* (LITERATES) (pp. 342-349).

[24] Jensen, T. (2019). What is a Metaphor? | Definition & Examples. College of Liberal Arts. https:/iberalarts.oregonstate.edu/wlf/what metaphor#:-:text-By%20Tim% 20Jensen%2C%200regon% 20State

[25] Glatch, S. (2020, September 22). 54 Common Literary Devices: Definitions, Examples, and Exercises. Retrieved from https://writers.com/common- literary-devices

[26] Mendrofa, K. F., Pasaribu, A. N., & Sembiring, R. A. (2025). Exploring Slang Language in Different Songs Between Pop and Country Genres. *Journal of Applied Linguistics*, 4(2), 167-176.

[27] Kroeger, P. R. (2023). Analyzing meaning: An introduction to Semantics and Pragmatics. Language Science Press.

[28] Afzal, F. and Zaki, H.N. (2023), Leech's seven Types of Meaning: A Semantic Analysis of The Road not Taken, *Competitive Linguistic Research Journal*, 4 (2), 54-63.

[29] Masriyah, M., Aziz, Z. A., & Samad, I. A. (2019). An Analysis of Associative Meanings in Two Songs Albums of Lorde. *English Education Journal*, *10*(2), 166-179.

[30] Syahida, I. S., & Hendar, H. (2023). The Meaning of Technology Company Slogans: A Semantic Study. 13(2), 813–823

[31] Hidayat, H., & Simatupang, E. C. (2023). Heal The World Song Lyrics by Michael Jackson: Syntactic and Semantic Study. *Jurnal Sinestesia*, 13(2), 1443-1455.
[32] Affifa, R. (2022). Makna Asosiatif dalam Lirik Lagu Boygroup Seventeen: Kajian Semantik. Unpublished Thesis. Universitas Nasional.
[33] Sari, R. K. (2023, July). The Analysis Of Semantics Meaning Found In Comments Of Instagram Account Of Infosumbar Based On Leech'Theories. In *Conference on English Language Teaching* (pp. 905-915).
[34] Martinius, A. (2023). The Analysis of Semantic Meaning Found on Emma Watson's Speech. *PRAGMATICA: Journal of Linguistics and Literature*, *1*(1), 12-17.